# Itong Dalawang Puso

## Ang Kuwento ni Brother Columba O'Neill, C.S.C.

Isinulat ni: Brother Ernest Ryan, C.S.C.
Isinalin ni: Jopie Sanchez

### UNANG KABANATA

Papalapit na ang tagdilim. Sa magkabilang gilid ng mga riles kung saan nakakumpol ang mga bahay ng mga minero, na para bang nais magbahagi ng init sa isa't isa, nagsimulang kumislap ang mga munting dilaw na ilaw sa likod ng mga bintanang pinalabo ng abo. Lumikha ito ng mga mailap na anino sa tumpok ng bughaw at itim na niyebe.

Maagang dumating ang taglamig sa Mackeysburg, Pennsylvania, sa taong 1848. Ikaapat pa lamang ng Nobyembre at isang linggo nang natatakpan ng niyebe ang lupa. Ang niyebe sa isang bayang nagmimina ay nangangahulugan lamang ng iisang bagay sa mga naninirahan doon—karagdagang dumi. Sa pagbagsak ng bawat taliptip, sila'y nangingitim dahil sa usok at abo na tumatagos sa lahat ng bagay.

Mahihirapan ang isang dayuhang naglalakad sa may riles na makita ang pinagkaiba ng bawat maliliit na bahay sa liwanag ng araw, ngunit para sa manggagamot sa nayon noong panahong iyon, ang bawat isa ay may kani-kaniyang pagkakakilanlan sa nagbabadyang karimlan.

Sa pagkakataong iyon, kahit na ubod na nang lamig, ilang mga tao ang nagmamadali, nakatindig ang mga kuwelyong panangga sa ihip ng hangin.

May isang maliit na detalyeng kakaiba. Mayroong isang matangkad at matandang lalaki, balot na balot na nilalabanan ang lamig, may bitbit na itim na satchel, at may kasamang dalawang maliit na bata. Tahimik silang naglalakad.

May boses na bumasag sa lumbay ng katahimikan.

"Pagbati, Doktor! 'Wag mong sabihing mayroon na namang may sakit sa baryo ngayong gabi."

Ang matangkad na lalaking sinasamahan ng dalawang bata ay napalingon ng ulo, isang ulong nakayuko sa bigat ng iniisip na hindi man lamang maiharap sa lamig ng panahon.

"Pagbati, George," ang kaniyang wika nang makilala niya ang lalaking bumati sa kaniya. "Aba, oo," marahan niyang dinugtungan; "ngunit hindi naman gaano malubha. May isa na namang supling na paparating sa mga O'Neill."

Siniksik ng doktor ang kaniyang ulo sa init ng makapal niyang bupanda at nagpatuloy sa paglalakad. Wala nang nasambit pa ang lalaking bumati. Ang mga bagay tulad ng kasalan, kapanganakan, at kamatayan ay hindi napahahalagahan sa yamot ng minahang bayan.

"Ito ang aming bahay, Doktor," sambit ng matinis na boses ng isa sa mga batang O'Neill.

"Oo, anak, alam ko," sagot ng doktor nang hindi inaangat ang mga mata mula sa kaniyang paanan.

Isang gaserang nakapatong sa estante sa may bintana sa bungad ang nagbabahagi ng mailap na eksena sa loob at labas ng munting tahanan. Inilagay ito roon upang salubungin ang doktor. Nagsisilbi itong paalala, sa kabilang dako, ng dumi sa labas at dalisay na kaligayahan sa loob.

"Tuloy po kayo, Doktor," pagbati ni Michael O'Neill. "Hinihintay po namin kayo. Salamat sa Diyos at libre kayong maparito."

"Walang dapat ikabahala, anak," sambit ng doktor, habang nilalapag ang kaniyang satchel sa ibabaw ng mesa, at tinatanggal ang bupanda at overcoat.

"Wala, Doktor. Palagi namang mabuti ang Diyos sa amin."

Pagkalipas ng isang oras ang apat na anak ng mga O'Neill ay namamanghang nakadungaw sa bago nilang kapatid na lalaki mula sa kumpol ng mainit na mga kumot.

Sa pintuan ng munting bahay, masinsinang kinakausap ng doktor si Michael O'Neill.

"Hindi ko ito binanggit kay Ellen, ngunit baliko ang mga paa ng bata. Maaari mo itong sabihin sa kaniya mamaya, kung nais mo; ngunit di magtatagal at mapapansin din naman niya ito. Wala tayong magagawa ukol doon."

Sinusubukan ng doktor na ibahagi ang balita nang may lubos na pag-iingat. Ayaw niyang mabahiran ng lilim ang maaraw na eksena, ngunit dama niyang parte ito ng kaniyang tungkulin.

"Bibisita ulit ako sa umaga, Mike. Nasa mabuti ang kalagayan ni Ellen."

At doon na naglakbay pauwi ang doktor sa dilim ng gabi sa Nobyembre. Walang mga ilaw na de-kuryente, ni walang liwanag na nagmumula sa buwan ang aaninag sa kaniyang mga hakbang.

Matagal na nakatayo lamang si Mike O'Neill sa lalim ng iniisip. Isang batang baliko ang mga paa. Iisa pa lamang ang nakikita niyang ganoon sa tanang buhay niya. Saglit siyang napatingin sa litrato ng Sacred Heart na nakamasid mula sa kaniyang altar sa pader ng sala. Hahayaan na lamang niyang umiral ang kalikasan. Alam ng Diyos kung ano ang pinakamabuti.

Dalawang araw makalipas ang lahat ay bumalik na sa dati ang munting tahanan. Ibinabaon ni Michael O'Neill ang kaniyang piko sa maitim na kalamnan ng lupang daan-daang talampakan ang lalim. Ngunit hindi siya mapalagay na matatapos na ang araw. Unang araw niya sa trabaho simula nang isinilang ang sanggol, at ito rin ang unang pagkakataong nakasalalay nang buong-buo sa ina nito ang pangangalaga. Walang pagdududa na nadiskubre na nito ang kakatwang maliliinggit na mga paa na bumabagabag kay Mike sa dalawang araw na nakaraan. Ano kaya ang kaniyang iisipin? Ano kaya ang kaniyang sasabihin?

Nagmamadaling umuwi si Michael O'Neill noong gabing iyon.

"Mayroon na akong pangalan para sa munti nating supling," magiliw na pagkakasabi ng ina sa kaniyang asawa pagpasok nito ng kuwarto.

"Agad-agad?"

"Tatawagin natin siyang John."

"John. Para kanino?"

"Sa Minamahal na Disipulo: dahil..."

May bakas ng luha sa kaniyang mga mata sa pag-angat ng kaniyang ulo.

"Dahil mamahalin ko siya nang *higit* pa sa iba."

"Kung gayon... alam... alam mo na?"

"Oo, Michael: alam ko."

## IKALAWANG KABANATA

Nahirapan ang malusog na si John O'Neill na matutong maglakad. Araw-araw siyang tinututukan ng kaniyang ina hanggang sa pagdating ng bagong munting O'Neill, at ang mga nakatatandang kapatid na niya ang gumabay sa kaniya.

"Dahan-dahan," ang udyok nila rito nang itinayo siyang nakasandal sa dingding, at pagkatapos ay tumayo sila mga ilang hakbang ang layo nang nakaunat ang mga bisig patungo sa kaniya.

Hindi maikakaila sa pakikitungo ng mga bata na nakikibahagi rin sila sa natatanging paggiliw ng kanilang ina para sa kanilang nakababatang lumpong kapatid.

"Dahan-dahan," ibubulong nito sa kanila, sisikaping sumubok, at malalaglag sa sahig. Ngunit hindi siya mananatili roon. Si Little John ay susubok ulit, itutukod ang mga palad sa pader, at pupuwersahin ang sarili na tumayo sa kaniyang mga paa.

Mahaba at matinding pagsubok ito, ngunit dumating ang araw na nakakapaglakad na si John O'Neill. Sa ilalim ng masusing gabay ng kaniyang ina nakahanap siya ng paraan ng paglalakad, na kung tutuusin, ay maituturing na kaaya-aya.

Ngunit kalabisan din kung sasabihin na hindi nababahala si John O'Neill sa kaniyang alanganing paglakad. Nababahala siya rito tulad ng kahit sinong bata na nasa kaniyang edad. Mas bumabagabag sa kaniya ito sa tuwing ilan sa mga batang lalaki ang nagsasama-sama upang maglaro, o maglakad nang malayo habang naghahanap ng mga pagla at mani mula sa mga puno ng hickory. Ikinababahala niya rin sa tuwing hindi niya makakasabay ang mga batang lalaki at kanilang mga aso kapag nangangaso ng mga kuneho.

"Magiging kasimbilis din kaya ako tulad ng ibang mga bata, Nanay?"

"Baka talunin mo pa silang lahat, anak. Maraming, maraming mga bagay ang maaaring mangyari."

Tumahimik siya nang saglit nang may malayong pagtingin sa kaniyang bughaw na mga mata.

"John, anak, maraming paraan upang makalamang. Hindi ako mababahala, kung ako ikaw."

Parati itong maingat na hindi siya panghinaan ng loob. Alam nito na hindi siya katulad ng ibang mga bata; kahit papaano mukhang mas maalalahanin siya kaysa doon sa iba.

Ngunit natuto ring tumakbo si John. Natuto siyang gawin ang maraming mga bagay na ginagawa ng karaniwang batang lalaki, pero nanatili ang kaniyang pagiging maaalahanin.

Sa paaralan ay tahimik siya, nagsusumikap sa kaniyang mga aralin, tulad ng itinuturo sa lahat nang pumapailalim sa hirap ng buhay sa minahang bayan; ngunit matagal na niyang nararamdaman na dapat siyang magtrabaho upang makatulong na suportahan ang kanilang pamilya. Nabanggit na niya ang saloobing ito sa kaniyang ina nang higit pa sa isang beses, ngunit sinabi lang nito sa kaniya na magtimpi.

"Maraming mga taon pa ang paparating. Minsan ka lang magiging bata. Kinakaya naman natin sa ngayon."

Isang araw noong mukhang mas hapô kaysa sa nakasanayan ang kaniyang ama pagkatapos ang mahabang oras sa hukay, naupo si John sa tabi nito.

"Hindi po ba ako makakakuha ng trabaho kasama ninyo sa minahan, 'Tay?"

May sandali ng nakabibinging katahimikan. Karamihan sa mga minero ay mariing tumututol sa pagtratrabaho ng kanilang mga anak doon.

"Kung may maaari kang gawin doon, John, ipagbabawal ko; ngunit alam ko rin na wala. Magkikita kami ng aming tagapangasiwa at baka mayroon siyang maaaring ipagawa sa 'yo, kahit ngayong lamang na bakasyon."

At sa gayon, mga ilang araw ang nakalipas, sumama si John sa kaniyang ama patungo sa minahan, patungo doon sa mga mahahabang, madidilim, mahahamog, at nakasasakal na mga lagusang mistulang patungo sa kung saan. Takot na takot talaga si John O'Neill, ngunit kinailangan niyang itago ito. Maraming mga batang lalaki na kaedad niya doon sa ilalim, ang iba ay mas bata pa sa kaniya. Hindi makatutulong sa kanila na ipakitang natatakot siya. Marami na siyang kapansanang inaabala.

Nang makarating sila sa kanilang nibel, hiniwalay si John sa kaniyang ama at ipinadala siya kasama ng ibang mga batang lalaki upang paghiwalayin ang shale sa uling. Mahirap at mabusisi itong trabaho. Ni wala rin silang oras magpahinga. Hindi mabibiyayaan ng mga mainam na American pennies ang hindi magtratrabaho.

Sa katapusan ng unang araw na iyon, lubusang namaga ang mga daliri ni John na hindi niya maatim humawak ng kahit anong bagay nang hindi nakararamdam ng kirot. Sinubukan niyang ikubli ang kaniyang dinadaing, lalo na mula sa ina niyang nag-alala sa kaniya buong araw. Ni hindi pa natatapos ang simpleng hapunan nila nang makatulog ang bata sa pagkahapô.

"Buhatin mo na siya papuntang higaan, Mike. Ni hindi siya magigising sa pagbuhat mo."

"Ganiyan din ako noong unang araw ko sa minahan. Tila napakatagal na noon."

Araw-araw na pinagdaanan itong walang-katapusang ulit ng batang John. Iilang minuto lamang niya nasisilayan ang ginintuang araw bago siya pumasok sa nangungusap na kadiliman ng minahan. Sa gabi naman saglit niyang nasisilayan ang mapulang araw sa kanluran, at walang-malay naman siya sa pagtulog niya sa gabi.

Kung gaano katagal na nagtrabaho si John sa minahan, walang nakaaalam. Ngunit, bago pa man niya sinukuan ang trabaho, alam na niya at ng mga magulang niya na hindi niya ito matatagalan.

Isang araw ginulat niya ang kaniyang ina.

"'Nay, suko na ako sa minahan. Aaralin ko ang pagiging sapatero."

"Ay, mabuting balita iyan. Natutuwa akong marinig ito: 'yung trabahong iyon ay masyadong nakapapagod para sa 'yo."

At sa gayon nangyari na si John O'Neill, na totoong ipinagdurusa ang kaniyang mga paa, ay nagsimulang magsanay sa ilalim ng sapatero ng baryo.

Mula sa pinakaunang araw niya sa pagawaan, naengganyo si John sa kaniyang trabaho. Mistulang nabiyayaan siya ng bagong buhay. Napakaraming matututuhan; napakaraming magagawa. Tunay na nakaeengganyo. Kahit na ang sampung oras sa trabaho nagmukhang bitin para sa kaniya. Namangha ang maestro sa bilis at kasanayan ng kaniyang estudyante, at di kalaunan ay madodoble na niya ang kaniyang kinikita kung walang kalamidad na tumama sa bansa.

## IKATLONG KABANATA

Noong ika-20 ng Disyembre 1860, pormal na umalis ang South Carolina mula sa Union. Agad naman itong sinundan ng Mississippi, Florida, Alabama, Georgia, Louisiana, at Texas. Noong ika-4 ng Pebrero ng sumunod na taon, nagpulong ang mga kinatawan ng mga Estado sa Montgomery, Alabama upang magkaroon ng pansamantalang konstitusyon, at nagtalaga pa sila ng pansamantalang Presidente at Bise Presidente. Pagkalipas ng humigit-kumulang mga isang buwan ang pansamantalang konstitusyon ay pinalitan ng pangkatapusan nitong bersiyon, at kinupkop ito ng Confederate Congress noong Pebrero ng taong 1862.

Samantalang si Abraham Lincoln naman ay itinalagang Presidente ng Estados Unidos at matatag na nanindigan para sa Union. Sumunod dito ang pag-atake sa Fort Sumter na siyang simula ng kalunos-lunos na Digmaang Sibil.

Mabagal ang paglaganap ng balita noong panahong iyon, ngunit di nagtagal ay narinig ng mga minero sa Mackeysburg, Pennsylvania ang pagbomba ng labimpung kanyon sa loob ng tatlumpo't apat na oras, at ang Norte ay napuwersahang isuko ang Kuta sa Confederacy. Hindi pa nila nalalampasan ang pagkagulantang mula rito nang nagkaroon ng tawag na sumali ang mga kalalakihan sa giyera mga isang linggo makalipas. Humingi si Lincoln ng pitumpu't limang libong boluntaryo, at mula sa iba't ibang antas ng pamumuhay nagmamadaling tumugon ang mga kalalakihan upang depensahan ang kanilang bandila.

Kahit na maliit lamang ang Mackeysburg, ipinadala nila ang kanilang quota nang naghikayat ang Presidente. Nagkaroon ng biglaang pagbugso sa nagpapagawa ng mga sapatos, kung kaya't ang maestro at ang kaniyang aprendis ay nagtrabaho nang mas mahabang oras upang pagbigyan ang mga bagong sundalo.

Pagkatapos, nagkaroon ng dalawang kakatwang mga pangyayari na lubusang binago ang buhay ng dalawang sapatero. Naramdaman ng maestro na tinatakbuhan niya ang kaniyang tungkulin sa bayan kung hindi rin siya magboboluntaryo. Upang magwagi ang Norte sa kaniyang laban para protektahan ang Union, kinakailangan niya ng mga lalakeng ipaglalaban siya. Kinakailangang may makasisiguro na maayos ang mga sapatos ng hukbo, at sa gayon ay mahalagang may sapaterong kasama ang mga sundalo.

Si John O'Neill, siyempre, ay masyado pang bata upang magboluntaryo sa hukbo ng Union: may ibang panawagan na tumitililing sa kaniyang mga tainga. Matagal-tagal na niyang nararamdaman na tinatawag siya ng Diyos na manungkulan nang mas higit pa, ngunit hindi niya alam kung papaano.

Sa pagsasara ng pagawaan ng sapatos, nagkaroon din ng panandaliang hudyat ang kaniyang mga agam-agam. Giyera ang bukambibig ng lahat: iniisip ng lahat ang mga nawasak na tahanan at mga puntod na dumarami ang bilang sa mga bukid at tabi ng buról.

Kung nagpalista man ang ama ni John o hindi ay hindi natin alam, ngunit di kalaunan ang batang sapatero ay naglakbay sa malayo nang bitbit ang lahat ng kaniyang mga gamit sa paggawa ng sapatos; kung saan ay hindi rin madaling masabi.

Sa bawat bagong baryo binibisita ng sapatero ang simbahan kung saan tahimik itong nagdarasal, at pagkatapos ay maghahanap siya ng mga bagong magpapagawa ng mga sapatos.

Noong mga araw na iyon kung kailan kakaunti pa ang mga nanahan sa ating bansa, milya-milya ang layo ng tirahan ng bawat magsasaka. Ang biyahe patungo sa isang baryong malápit ay madalas na nangangahulugan ng mahabang paglalakbay, isang paglalakbay na may walang katiyakang patlang ang pagitan. Nakasalalay ang mga tao sa pagdayo ng mga naglalako, nag-aayos ng mga gamit, at nagsasapatos para sa mga bagay na kinakailangan nila.

Alam ni John O'Neill ang tungkol sa mga nangangalakal, at alam niya na mahirap silang tawaran at kadalasa'y nakakapag-ipon ng masaganang kayamanan. Ngunit hindi siya interesado sa huling nabanggit na bagay sa aspetong ito ng kanilang mga buhay. Gusto lamang niya kumita nang sapat na salapi upang matustusan ang kaniyang mga pangangailangan: bibo naman siya upang makamit ito. Alam din niya na maaari siyang makapagbigay-tulong sa mga mahihirap sa pamamaraang ito ng kaniyang trabaho. Maari rin siyang mag-ebanghelyo kahit papaano kung magkakaroon ng pagkakataon; ngunit mas umasa siyang sa kaniyang paglalakbay ay bibigyang linaw ng Diyos kung anong bokasyon ang ninanais nito para sa kaniya.

Magiging interesante para sa atin na malaman ang ruta na tinahak ng batang sapatero noong nilisan niya ang Pennsylvania upang itaguyod ang sarili niya. Ang buhay niya bilang minero, at ang pakikisalamuha niya sa kalakalan sa tindahan ng sapatero, ay kapwa nakatulong na patatagin ang loob niya sa mahaba at mapanglaw na paglalakbay mula sa sarili niyang Estado

patungo sa Virginia o Ohio, hindi tayo nakasisiguro. Nang magkaroon tayo ng tiyak na talaan ng kaniyang paglalakbay, siya ay nasa Colorado na.

Patungo roon madalas siyang magpalipas ng gabi sa imbakan ng dayami o sa ilalim ng mga bituin, at minsan din naman, sa mapagkalingang mga tahanan. Nang mapadpad siya sa sakahan na kung saan inaabangan ang pagdating ng sapatero, pinatutuloy siya at magiliw ang kanilang pagtrato. Madalas siyang tumatagal nang isang buwan sa tahanan habang gumagawa ng sapatos gamit ang katad na kanilang inihanda at itinabi para roon.

Sa susunod na may balita tungkol kay John O'Neill muli, kahit na alinlangan ang kaniyang paglakad, niyang tinahak ang mga palanas patungong California. Ang malaking bahagi ng paglalakbay na iyon ay tinahak niya sa paglalakad mag-isa. Nakakapanghinayang na wala siyang higit na impormasyong iniwan sa atin tungkol dito. Ngunit, madalang din naman magsalita si John tungkol sa kaniyang sarili.

Samantalang ang pagkawasak at pagpuksa ng Digmaang Sibil ay nagwakas. Ang walang-awang bakal ng bala ng isang asesino ang tumagos sa bumbunan ni Abraham Lincoln at siya ay inilibing kasabay ng pag-usbong ng kanilang bansa. Ang rekonstruksyon, na lubos niyang dinadaing, at madalian niyang hiniling sa kaniyang Ikalawang Inaugurasyon, ay taimtim nang sinimulan. Ang Estados Unidos ay papalapit na sa kaniyang itinalagang puwesto sa dakilang pamilya ng mga bansa.

Habang nasa mahabang paglalakbay mula Mackeysburg patungong California, nakasalubong ni John ang isa pang manlalakbay na sapatero, bitbit din nito ang kaniyang mga kagamitan at papauwi na siya. Hindi nabanggit ni John, sa aming pagkakaalam, ang kaniyang pangalan o kung saan niya ito nakasalubong; ngunit lubos siyang namangha sa klase ng trabaho na kaya nitong gawin.

"Saan ka natuto ng pagsasapatos, kaibigan?" tanong ng matangkad na sapaterong may pulang buhok mula sa Mackeysburg.

"Sa isang maliit na paaralan sa Indiana. Ang tawag nila roon ay Notre Dame."

"'Wag mo sabihing itinuturo nila iyong mga bagay na iyon sa isang eskuwelahan! Natuto ako sa mismong bahay ng isang sapatero sa Pennsylvania."

"Oo, tinuturo nila ang pagsasapatos, pagpapanday, pagsasastre, pagkakarpintero at iba pang uri ng kabuhayan sa Notre Dame. Siyempre, nagtuturo rin sila ng karaniwang pinag-aaralang mga tuntunin roon."

"Sino ang namamalakad sa paaralang ito? Wala pa akong naririnig na ganoong lugar dati."

"Ipinatatakbo siya ng Kongregasyon ng Holy Cross, dating komunidad na Pranses, binubuo ng mga pari at mga Brother. Nagsimula ang Notre Dame lampas tatlumpung taon na ang nakalipas."

"Sabi mo pinatatakbo ito ng mga pari at mga Brother? Anong ibig sabihin ng mga Brother?"

"Mga lalaki sila na inialay ang buhay nila sa Diyos sa pamamagitan ng panunumpa sa isang buhay ng kahirapan, kalinisang-puri at pagkamasunurin; ngunit wala silang intensyon na maging mga pari. Nagsusuot sila ng relihiyosong abito at ibinabahagi ang lahat ng mayroon sila sa Order katulad ng mga pari. Wala rin akong narinig pa na katulad noon hanggang sa nagpunta ako sa Notre Dame. Maniwala ka sa akin, maraming mga kagiliw-giliw na mga lalaking kasapi ng mga Brother doon. Mahal naming lahat si Brother Benoit na siyang Senior Prefect. Tapos naroon din si Brother Cyprian, na tunay na santo. Sabi nila dahil sa mga panalangin niya ay may umusbong na lili bago pa ito itinakda upang maialay sa altar ni San Jose para sa kaniyang pista. At kilala ko rin si Brother Vincent, isa pang dakilang matandang lalaki. Dumating siya rito kasama ng mga unang Brother mula sa Pransiya. At may iba pang tiyak na gusto mo makilala."

"Siguradong magugustuhan ko nga iyon," sambit ni John, at halatang lubos ang kaniyang pagkainteres. "At ang lahat ba ng mga Brother sa Notre Dame ay nagtuturo sa paaralan?"

"Ay hindi: hindi lahat sa kanila. Si Brother Lawrence ay tagapamahala ng sakahan doon. Si Brother Augustus naman ang sastre. At mayroon pang iba na hindi ko na nakilala dahil sa kanilang trabaho."

May kung anong liwanag na pumasok sa mga mata ni John O'Neill, at may kakatwang pakiramdam ng kapayapaan na tumagos sa kaniyang kaluluwa. Posible ba na sa Notre Dame siya ipinatatawag ng Diyos? Posible ba na siya, kabilang ang kaniyang balikong mga paa, ay tanggapin sa Brotherhood na pinanggalingan ng mga dakilang lalaking ito?

## IKAAPAT NA KABANATA

Ang Brothers of Holy Cross, na siyang pinag-usapan ng dalawang sapatero, ay unang tinawag na Brothers of Saint Joseph. Sila ay itinatag ni Father James Francis Dujarie, ang pari ng parokya sa Ruille, France, noong 1820.

Itinatag na ng masigasig na paring ito ang Sisters of Providence noong 1807. Ang kaniyang ikalawang layunin ay mag-organisa ng samahan ng mga Brother kung saan ang mga miyembro, na hinahayaang mabuhay sa komunidad, ay mag-isang makapupunta, kung kinakailangan, upang magturo sa mas maliliit na parokya at mga probinsiya. Lubos ang pagtanggap sa kaniyang

proyekto noong panahon ng tag-init sa 1820 ng kaniyang obispo, si Msgr. Claude Madeleine de la Myre, at pagdating ng Nobyembre, limang binatilyo ang sumali. Dalawa lamang sa orihinal na grupo ang nanatili hanggang kamatayan.

Itong Community, tulad nang marami pang iba, ay nagkaroon ng mga pagsubok. "Noong taong 1828 ang bulkan ng French Revolution ay bumuga ng latak mula sa marumi nitong lava, at ang mga epekto nitong pagsabog kung saan ang paniniwala at moralidad ng Pransiya noong 1829 ay posibleng mahusgahan dahil sa gulo na idinulot nito sa mga kasapi ng Brothers of Saint Joseph sa Ruille. Naging madalang ang mga bokasyon at dumami ang mga lumisan. Ang agos ng pagsasakripisyo ng sarili na siyang nagdala ng mga tatlong daang lalaki sa Ruille sa loob ng wala pang isang dekada, ay nawala noong 1829 at hindi na nagbalik sa nakagisnang dami ng pinahahalagahang yaman.

Noong 1835 ang kapita-pitagang si Father Dujarie, na "pinagod ng mga taon at mga karamdaman, ay nagsabi sa kaniyang Obispo na hindi na niya kayang mamahala at gumabay sa Brothers of Saint Joseph. Nagprisinta siya na ipaubaya ang kaniyang atas sa kamay ng Panginoon, na samakatuwid ipagkakatiwala niya ang dakilang tungkulin sa karapatdapat na pari. Sina Msgr. Bouvier at ang mga Brother ay nagkaisa sa kanilang pagpili kay Father Moreau. Sa pagkilala sa atas ng Panginoon sa pagpiling ito, at sa natatanging paggiliw tungo sa maliit at tapat na komunidad, na ipinagpapasalamat niya ang kanilang kahanga-hanga bokasyon, di nagdalawang-isip si Father Moreau na tanggapin ang bagong atas."

Si Father Basil Moreau ay propesor sa Grand Seminary sa lungsod ng Mans, isa siyang tunay na entusyastikong pari na, kaagapay ng kaniyang pagtuturo, ay naglaan ng oras para magbigay ng mga retiro at mga misyon. Sa taong 1835 binuklod niya ang anim na batang eklesyastiko, at sa atas ni Bishop Bouvier itinatag ang mga Auxiliary Priests of Mans. Sa taong 1835, pinamahalaan ni Father Moreau ang mga pari at Brother, kahit na hindi sila tunay na pinagbuklod hanggang ika-1 ng Marso 1837. Sa panahong iyon ang bagong Komunidad ay kilala bilang The Association of Holy Cross.

Ang kahanga-hangang trabaho ng mga Brother sa larangan ng edukasyon ay pinagpapasalamat mula pa sa simula. "1836 pa lamang, nilapitan na ng tagapamahala ng departamento ng Sarthe para sa Ministry of Marines and Colonies si Father Moreau tungkol sa pundasyon ng mga nagtuturong Brother sa mga pagmamay-ari ng Pransiya na Martinique at Guadeloupe." Noong 1839 may dumating na pakiusap mula kay Bishop Dupuch ng Algiers para sa mga Brother sa mga eskuwelahan sa kaniyang diyosesis, at sa sumunod na taon ang unang mga misyonero ay nagpunta sa Africa.

Noong 1839 din, si Father Celestine de la Hailandiere, na vicar-general kay Bishop Simon Bruté ng Vincennes, Indiana ay gumawa ng personal na daing kay Father Moreau para sa ilang

mga Brother. Bago pa man makapagbigay ng tiyak na sagot, namatay si Bishop Bruté at nakatanggap si Father de la Hailandiere ng notipikasyon na siya ang papalit sa bakanteng See. Siya ay itinalaga noong ika-18 ng Agosto 1839, at isang linggo pagkaraan nito ay nagmamakaawa kay Father Moreau para sa mga guro sa kaniyang paaralan.

Walang mas ikagagalak si Father Moreau nang higit pa sa agarang pagpapadala ng mga kalalakihan, ngunit dahil sa hirap ng pagkalap ng pera para sa transportasyon, ika-8 ng Agosto 1841 na nakapaglakbay ang mga unang misyonero patungong Amerika. Ang grupo ay binuo nina Father Edward Sorin, na 27 taon lamang, at magiging Superior; Brother Vincent Pieau, 44, Brother Anselm Caillot, 15, at Brother Gatian Monsimer, 14, na magiging mga guro; Brother Joachim Andre, 33, isang mananahi; Brother Marie Patois, na kinalaunang nakilala bilang Brother Francis Xavier Patois, 21, isang karpintero; at Brother Lawrence Menage, 25, isang magsasaka. Inabot ng tatlumpu't siyam na araw para makatawid sa New York, at sila'y dumaong, simboliko umano, sa araw bago ang pista ng Exaltation of Holy Cross.

Ang unang tatlong araw sa Amerika ay pinalipas sa tahanan ni Mr. Samuel Byerley na, sa pakiusap ni Bishop Hailandiere, sumalubong sa mga misyonero sa daungan. Ang ikaapat ay pinalipas sa palasyo ng Kaniyang Kamahalan, John Dubois, Obispo ng New York. Sa sumunod na araw bumiyahe sila sakay ng bangka paakyat ng Hudson, at patungo sa Buffalo gamit ang lumang Erie Canal, isang paglalakbay na inabot ng pito at kalahating araw. Tinawid nila ang Lake Erie patungong Toledo gamit ang steamship, isang paglalakbay na inabot ng tatlong araw. Mula Toledo nagtungo sila ng Miami gamit ang bangka at mula roon papuntang Napoleon. Ang susunod na bahagi ng paglalakbay ay sa lupa naman gamit ang wagon patungong Defiance, kung saan bumiyahe sila sa tubig papuntang Fort Wayne. Sila ay dumating sa Logansport dalawang araw makalipas. Ang huling parte patungong Vincennes ay inabot ng isang linggo. Inabot ang kawawang mga misyonero ng eksaktong dalawampu't apat na araw upang maglakbay mula New York patungong Vincennes.

Tatlong araw lamang ang nakalipas, ang maliit na Komunidad ay nanahan sa St. Peter, isang maliit na baryo dalawampu't pitong milya ang layo sa Vincennes. Ang bayan ay binubuo ng limampung pamilyang Katoliko. Binigyan si Father Sorin ng Obispo ng balangkas ng kaniyang trabaho: alagaan ang mga Katoliko ng St. Peter, at ng St. Mary, at Mt. Pleasant, mga kalapit na misyon; magbuo ng paaralan para sa mga batang Katoliko ng nayon, at turuan ang mga ito; magbuo ng nobisyado at maghanap ng mga kasapi para sa mga Brother.

Si Brother Vincent ay itinalaga bilang Master of Novices, at sa loob ng isang taon nagkaroon siya ng labindalawang tauhan, wala ni isa sa kanila ay Pranses. Walo ang Irlandes, tatlo ang Aleman, at isa ay Ingles.

Sa loob nang isang buwan ng kanilang pagdating sa Indiana, nagpatakbo ng eskuwelahan ang mga Brother sa St. Peter: anim na buwan makalipas mula noon, nagkaroon ng ikalawa na mayroong mga tatlumpung estudyante, sa isang lugar na mga ilang milya ang layo. Ngunit nais ni Father Sorin ng kolehiyo! Hindi sasangayon ang Obispo rito dahil mayroon nang kolehiyo ang diyosesis na pinatatakbo ng mga Eudist.

Sa ikalawang pagpupulong kasama ang Obispo tungkol sa kolehiyo, may preladong nagbanggit kay Father Sorin na magbibigay ito sa kanila ng lupain sa hilagang Indiana. Nagmamadaling bumalik ang pari sa mga Brother upang pag-usapan nila ito, at para magdasal tungkol dito. Ang naging resulta nito ay ang pagtanggap sa site malapit sa South Bend pagkalipas ng isang linggo.

Noong ika-16 ng Nobyembre 1842, sa pag-iwan sa labing-isang mga Brother na siya namang susunod din, naglakbay sina Father Sorin at pitong mga Brother patungo sa, noon pa man at sa ngayon, kinikilalang Notre Dame. Dalawa lamang sa mga Brother ang mula sa orihinal na grupo mula Pransiya: Brother Marie Patois, na magiging Brother Francis Xavier Patois, at si Brother Gatian Monsimer. Ang lima pa: sina Brother Peter Tully, Patrick Connelly, Basil O'Neil, William O'Sullivan, at Francis Disser ay mula doon sa mga sumali sa Kongregasyon mula nang dumating sila sa St. Peter. Naglakbay sila nang higit sa 250 na milya at nangyari ito habang taglamig gamit ang wagon at paglalakad. Ang mga misyonero ay inabot ng labing-isang araw.

Dumating ang mga pagod na biyahero sa Notre Dame noong ika-26 ng Nobyembre, para lang malaman na mayroon lamang tatlong maliliit na mga gusali doon: isang kapilya na itinayo ni Father Badin noong 1834, isang bahay kung saan tumira ang interprete, at isang kubo malapit sa kapilya. Ngunit agarang nagsimula sa pagtratrabaho ang lahat, at patuloy pa rin sila sa trabahong ito. Hanggang sa ngayon, ang ilan sa mga gusaling ladrilyo ay gawang-kamay ng mga sinaunang Brothers of Holy Cross.

Ngunit ang dinatnang Notre Dame ni John O'Neill noong ika-9 ng Hulyo 1874 ay walang pagkakahalintulad sa kilala natin sa ngayon. Siguro ang nag-iisang gusali ngayon na naitayo na sa kaniyang pagdating ang tinatawag nating Mission House. Sina Brother Charles at ang kaniyang mga tauhan ay abala sa pagtatayo ng kasalukuyang simbahan, ngunit hindi pa ito matatapos hanggang mga anim o pitong taon makalipas.

Siguro, ang Main Building sa panahong iyon, ay naging kahanga-hanga kung hindi man nakaaantig. Mayroon itong pambungad na lawak ng 160 na talampakan, lalim na 80 na talampakan, at anim na palapag ang taas. Mayroon din itong simboryo at rebulto ng Our Lady. Binabahay ng gusaling ito ang lahat ng mga estudyante mula sa mga minim hanggang sa mga senior sa kolehiyo, at mayroon din itong mga silid-aralan, study hall, silid-kainan, at mga pribadong kuwarto ng mga miyembro ng pakultad.

Si Rev. Edward Sorin, ang unang presidente ng Notre Dame, ay buhay pa, at siya ay isang balingkinitang lalaki na may kahabaan ang buhok, ngunit parating bagong-ahit ang mukha. Aktibo siya sa lahat ng mga nangyayari, ngunit sa nakaraang pitong taon ay hinayaan niya ang pamamalakad ng Unibersidad sa iba.

Noong panahon ng pagdating ni John O'Neill sa kampus, si Father Auguste Lemonnier, pamangkin ni Father Sorin, ay presidente. Ngunit, siya ay may sakit noon at hindi nakatalagang mabuhay nang higit pa sa taong 1874.

Ang St. Joseph's Manual Labor School, na siyang bahagi ng Notre Dame na unang nag-engganyo sa batang O'Neill na bigyang atensyon ang lugar, ay mahahanap kung nasaan ang kasalukuyang Dillon Hall. Noong panahong iyon, mayroong mga limampung aprendis, magandang senyales ng kalidad ng mga kursong inaalok ng mga Brother.

Ngunit hindi higit na interesado si John sa kahit anong parte ng paaralan. Nagpunta siya sa Notre Dame upang hummingi ng pahintulot na sumali sa Brothers of Holy Cross. Kaagad din niyang lalapitan ang may kakayanang pagbigyan ang kaniyang pakiusap.

## IKALIMANG KABANATA

Mainit at malagkit ang hapon noong ika-9 ng Hulyo 1874. Sa maliit na baryo ng South Bend kakaunti lamang ang nasa labas. Naglakad-lakad dito si John O'Neill, nagbabakasakaling may makikilalang makapagsasabi sa kaniya kung papaano makararating sa Kolehiyo ng Notre Dame.

Sa ilalim ng punong nasa lilim sa tapat ng isang kubo, may nakita siyang batang nakahilata.

"Toto, masasabi mo ba sa akin kung papaano makararating sa Kolehiyo ng Notre Dame?"

Bumangon ang batang lalaki nang walang pag-aalinlangan, at sinuri ang matangkad na lalakeng may mapulang buhok at mabigat na maletin.

"Mainam na tanungin ninyo ang aking ina."

At habang papatayo ang bata, may boses ng babae na bumasag sa mainit na katahimikan.

"Anong kailangan niya, Johnny?"

"Nanay ko 'yun," sambit ng bata sa estranghero. At sagot niya sa kaniyang ina,"Nais niyang malaman paano makararating sa Kolehiyo ng Notre Dame."

Makalipas ang mahabang diskusyon, na kahit gaano kahaba ay wala pa ring linaw, at nagpatuloy si John sa kaniyang paglalakbay. Sa pagód niyang kondisyon ang naalala na lamang

niya ay higit pa sa dalawang milya ang layo ng Kolehiyo. Nang makabalik siya sa kalsada, na patungo sa paaralan, nalaman niyang di ito lalawak pa sa daanan ng wagon.

Malapit na mag-alas singko ng hapon nang unang masilayan ni John O'Neill ang rebulto ng Our Lady na nakatayo sa ibabaw ng simboryo ng Main Building. Tumigil siya saglit, namamangha sa tanawin. Napatingin siya sa kaniyang balikong mga paa at pabalik sa Our Lady. Gagabayan ba niya na hindi maging balakid ang kaniyang kaawa-awang mga paa sa pagiging relihiyoso, na siyang hiling na ng kaniyang puso mula pa noong siya'y labing-apat na taon?

Muli siyang nagpatuloy, may panibagong lakas ng loob. Mga ilang yarda sa unahan niya sa gawing kaliwa ay may sementeryo. Tinango niya ang kaniyang sumbrero sa kaniyang pagdaan at bumulong ng dasal para sa mga Kaawa-awang Kaluluwa. Sa tabi ng God's Acre, mayroong alagang-alagang hardin, ang mahahaba nitong mga hanay ay nagpapakita ng bahid ng bagong kultibasyon. Ang tahimik ng lahat: ni walang ibong humuhuni sa mga walang-kibong mga puno.

Biglang may mongheng nakaitim na nanggaling sa gusali sa unahan at naglakad patungo sa mataas na edipisyong nangingibabaw sa lahat. Nagmadali sa paglakad si John upang makaábot sa monghe na, sa pagkarinig sa mga yapak, siyang biglang tumigil at lumingon.

"Father, dayo po ako rito!"

"Pagbati! Ako si Brother Francis Xavier."

Muntik nang matisod si John O'Neill sa kaniyang paglalakad. Hindi niya inakala na ang lalakeng nakaitim na may kuwelyong Romano ay isang Brother.

"Ako po si John O'Neill, Brother, at gusto ko pong malaman kung maaari rin akong maging Brother."

"Kung gayon ay dadalhin kita para makausap ang aming Superior, si Father Sorin. Maaari ka bang sumama sa akin?"

Sa loob nang ilang minuto nahanap ng batang sapatero ang sarili sa presensiya ng Superior General ng Kongregasyon ng Holy Cross. Nagulantang siya sa ideya noong una at bahagya siyang kinabahan, ngunit di rin nagtagal bago siya kumalma kahit na tinititigan pa ng mapanuring mga mata ng dakilang lalaki.

"At papaano nagkataon na narinig mo ang tungkol sa aming Kongregasyon?" tanong ng pari.

"Mula sa isa sa mga nagtapos sa inyong Manual Labor School, Father," sagot ng sapatero.

"Mabuti! Mabuti!" tumango si Father Sorin.

"At sa tingin niyo po ba magagamit ninyo ang isang kaawa-awang lalaking tulad ko, Father? Matagal ko nang ninanais na pagsilbihan ang Diyos sa paraang mas mainam."

"At nagpunta ka sa tamang lugar, anak. Halika, maglalakad tayo sa tabi ng lawa patungo sa nobisyado. Ang mga postulant namin ay nakatira sa parehong bahay kasama ang mga nobisyo."

Inabot ni Father Sorin ang kaniyang biretta, at ilang sandali lamang ay umalis na ang dalawa. Sa kanilang paglalakad at pag-uusap sinabi ni John kay Father na isa siyang sapatero, at ramdam niyang kaya niyang gawing makabuluhan ang sarili, at higit pa sa lahat ay nais niyang matutuhan mahalin ang Our Lady at ang Sacred Heart nang lubos-lubos at sa gayon ay makasisiguro sa kaniyang walang-hanggang kaligtasan.

Higit na humanga si Father Sorin sa katapatan at sinseridad ng binata at wala itong binanggit ni isang beses tungkol sa kaniyang kapansanan, ni nagbigay ng indikasyon na napansin niya ito.

Sa nobisyado ipinakilala si John sa Master of Novices, si Father Louage. Ipinaramdam agad ng mabait na paring ito na siya ay parte ng kanilang tahanan sa pag-endorso sa kaniya sa pangangalaga ng isa sa mga nobisyo.

Noong gabing iyon, dahil sa presensiya ng Superior General na nanatili para sa hapunan, ang mga nobisyo ay hinayaang mag-usap habang kumakain, at bago pa man ito matapos naramdaman ng bagong postulant na isa na siyang kapamilya. Pumasok sa kaniyang kaluluwa ang kapayapaang matagal na niyang hinahanap. Napakabait ng lahat sa kaniya, at mula sa magandang larawan sa dingding sa kaniyang harapan tumatagos sa kaniyang kaluluwa ang banayad na mga mata ng Sacred Heart.

Sa kapilya noong gabing iyon nabigyan si John ng puwesto kung saan maaari niyang masilayan nang direkta ang kaaya-ayang rebulto ng Sacred Heart, at habang nakatuon ang kaniyang pansin sa tabernakulo, paminsan-minsan nababaling ang kaniyang titig sa estatwa.

Sunod-sunod na mga araw ng kagiliw-giliw na kapayapaan ang sumunod. Noong ika-1 ng Setyembre, tinawag ni Father Louage si John sa kaniyang opisina at sinabi sa kaniya na tinanggap na siya ng Council at ang araw ng resepsiyon ng Abito ay ika-8 ng Setyembre.

Tiyak na masayang araw ito para kay John. Isa itong hakbang papalapit sa pagtupad ng daing ng kaniyang puso. Siya at ang kaniyang mga kasamahan ay dumalo sa Retiro na kinakailangan bago ang resepsiyon at hinanda nila ang kanilang sarili para sa dakilang araw kung saan huhubarin nila ang baro ng mundo at susuotin ang gayak ng mga naninilbihan ng Diyos sa Holy Cross.

Pista ng Nativity of the Blessed Virgin ang ika-8 ng Setyembre at napakaangkop ang araw na ito para sa resepsiyon ng Abito. Mahalagang araw ang ika-8 ng Setyembre 1874 para sa

Brothers of Holy Cross sapagkat minarkahan nito ang kapanganakan sa kanilang ranggo ng isang Brother na magdadala ng kaluwalhatian at karangalan sa kanilang Komunidad habang siya ay nabubuhay. At, siyang tunay, isa itong maligayang araw sa buhay ni John O'Neill dahil itinangi siya mula sa mundo upang maglaan ng espesyal na trabaho para sa Diyos.

Ang seremonya sa pagbibihis at ang mga katuwang nitong mga dasal ay simbolo ng pagkakatangi na iyon. Sa pagpasok ng mga postulant sa santuwaryo binebendisyunan ng ministrong tagadiwang ang mga kandila gamit itong dasal: "Panginoong Diyos, Dakilang Ama, tunay na ilaw at bukal ng tanang liwanag, ibuhos mo ang Iyong pagpapala sa mga kandilang ito, at tulad ng Iyong pagtanglaw sa landas ni Moses palayo sa bayan ng Ehipto, gabayan mo ang Iyong mga katuwang, na nang dahil sa pagmamahal sa Iyong ngalan, ay siyang nilulubayan ang mundo, upang makamit nila ang walang-hanggang buhay sa pamamagitan ni Kristo, aming Panginoon. Amen."

Ang bawat postulant ay siya namang inaabutan ng kandila kasabay ang paalala: "Tanggapin itong tanglaw: hayaan itong kuminang sa inyong mga kamay, bilang simbolo ng mabubuting gawain na kayo ang siyang magiging ehemplo, at ng walang-katapusang pagpupuri na iaalay ninyo sa isang Diyos na naging napakahabag patungo sa inyo."

Susunod naman, kakantahin ang *Veni Creator*, na nagmamakaawa sa Banal na Espiritu na bigyang kaliwanagan silang mga iaatas sa sarili ang pasanin ni Kristo. Pagkatapos nito, sasabihin ng ministrong tagadiwang: "Aking anak, ano ang iyong ninanais?" At dito naman sasagot ang postulant, "Reverend Father, hinihiling ko mula sa inyo ang Abito ng Kongregasyong ito, at ang pahintulot na hayaan akong pagdaanan ang aking probasyon sa mga pagsasanay ng Nobisyado."

Binabasbasan ang mga Abito, at binibigay sa mga postulant kasabay ng mga salitang ito: "Tanggapin ninyo itong abito, simbolo ng bagong tao, na inyong dapat suotin bilang pamamaalam sa mundo, at pag-iisang loob kay Hesukristo." Pagkatapos ay magpupunta sila sa sakristiya upang suotin ang relihiyosong gayak.

Sa pagbabalik ng mga nobisyo, suot ang kanilang Abito, binabasbasan sila ng banal na tubig habang sinasabi ng pari: "Dinggin, O Panginoon, ang aming mga pakiusap, at marapating bendisyunan at gawing banal itong inyong mga lingkod, na tinatalikuran ang pamamaraan ng mundo; at siyang, umaasa sa Iyong Banal na Ngalan at sa pamamagitan ni St. Joseph, dinadamitan namin nitong banal na abito na sa kaniya'y mapaglingkuran Kayo nang buong-tiwala, manatiling tapat, mabuhay nang matino, relihiyoso at makatarungan, habang hinihintay ang banal na walang-kamatayan at Iyong pagdating, na iisang Diyos na nabubuhay at naghahari, mundong walang-katapusan. Amen."

Nang matapos itong seremonya noong ika-8 ng Setyembre 1874, kinilala si John O'Neill bilang Brother Columba. Sinimulan niya sa taon na iyon ang mabusising pagsasanay na tinatawag

na nobisyado. Sa mga panahong iyon lubosang ipinaalam sa kaniya ang lahat ng kaniyang mga obligasyon at pribilehiyo, at binigyan din siya ng maraming mga pagkakataon na magsanay sa birtud ng kaniyang bagong buhay. Sa panahon ding iyon nagkaroon ng oras ang Master of Novices na matyagan ang kanilang aspirante, na iwasto kung kinakailangan, at tulungan itong maging kampante kung nararapat pa ba siyang manatili sa Kongregasyon o hindi.

Sa taon na lumipas sa bahay ng nobisyado inilatag ni Brother Columba ang pundasyon ng mga birtud kung saan siya kikilalanin sa kalaunan: pananampalataya, pagpapakumbaba, at pagkawanggawa. Walang mapapansing kakaiba sa kaniya ang mga kaswal niyang nakilala: lubos namang pinagpapasalamat ng mga naninirahan kasama niya ang kaniyang mga kapuri-puring birtud. Kakaunti lamang ang mga ganitong uri noong panahong iyon, ngunit darating ang araw na makikilala at mamahalin siya ng libo-libo, marami doon ang hindi naman niya makikilala.

## IKAANIM NA KABANATA

Mula noong umalis si Brother Columba sa nobisyado hanggang ika-15 ng Agosto 1876 nagtrabaho siya sa tindahan ng sapatos sa Komunidad at agad na napatunayang magaling siyang sapatero. Walang trabaho, kahit na simpleng pagtatahi lang o paggawa ng bagong pares ng sapatos, na hindi niya binigyan ng sukdulang konsiderasyon. Alam niya na ang mga maliliit na bagay ay mahalaga kung kaya't pinagbutihan niya ang paggawa.

Nagkaroon nang ilang malalaking sunog ang Notre Dame sa siglo ng kaniyang buhay, at maraming importanteng talaan ang nawala sa mga ito. Ngunit ang naiwan sa atin ay nagsasabi na noong ika-15 ng Agosto 1876, noong mahalagang pista ng Our Lady's Assumption, inialay niya nang buong-buo ang kaniyang sarili sa Diyos sa pamamaraan ng pamamanata sa kahirapan, kalinisang-puri, at pagtalima. Binubuo ng pamamanatang ito ang diwa ng Religious Life: ginagawa ito ng mga kaluluwang mapagbigay na nais sumunod kay Kristo nang mas higit pa sa ordinaryong mga Kristiyano. Ginagawa ito ng mga bayani ng Diyos at ang kanilang pagtalima ay humihingi ng sakripisyong walang-patid.

Sa Kongregasyon ng Holy Cross mayroong ikaapat na pamamanata ang mga nakararamdam na tinatawag sila upang magtrabaho sa mga dayuhang misyon. Hindi ito hinihingi kahit kanino, ngunit ninais ni Brother Columba na ilagay ang kaniyang sarili sa buong pagkakaloob ng Superior General at sa gayon tinanggap niya ang pamamanata sa dayuhang misyon. Ang dignidad at solemnidad ng mga panata ay maliwanag mula sa mga salitang ginamit sa panunumpa sa Kongregasyon:

"Ako, si John O'Neill, Brother Columba, na hindi man karapatdapat, ngunit umaasa sa Divine Mercy at tunay na naghahangad na ialay ang sarili sa Adorable Trinity, ay panghabambuhay

na namamanata sa Diyos Makapangyarihan sa Lahat ng Kahirapan, Kalinisang-puri, at Pagtalima, ayon sa halaga ng mga Tuntunin at Regulasyon nitong Kongregasyon, at ang panata na magpunta sa kung saan man sa mundo na ninanais akong ipadala ng Superior General, sa presensiya ng Ating Panginoong Hesukristo, ng Banal na Birheng Maria, ipinanganak nang walang kasalanan, at karapatdapat sa kaniyang asawa, si San Jose, at ang buong hukuman ng langit."

Sa araw na iyon ng Agosto na nilagdaan ni Brother Columba ang kaniyang pamamanata, isa siya sa pinakamasayang mga nilalang sa mundo. Sa wakas ay natalima niya ang dakilang hiling ng kaniyang puso. Agad siyang nagboluntaryo na magpunta sa India sa ating dayuhang mga misyon, at magpunta na rin sa Molokai upang tulungan si Father Damien sa kaniyang kahanga-hangang gawain kasama ang mga leproso. Walang higit na magiting para sa mapagbigay nitong kaluluwa. Sa panahong iyon nga lang ay kinailangan niyang makuntento muna sa pag-aayos ng mga sapatos sa Komunidad ng Notre Dame. Siguro ay para sa kaniyang nag-aalab na kaluluwa, mas higit pa ang kinakailangang kagitingan para rito kaysa pagpunta sa India o Molokai.

Wala pang isang buwan makalipas sa kaniyang Profession, ipinadala si Brother Columba kasama nina Brother Peter at Brother Raymond upang mangasiwa sa St. Joseph's Orphan Asylum sa Lafayette, Indiana. Mayroong animnapung mga batang lalaki sa asylum noong panahong iyon, at ang bilang na iyon ay marahang dumami sa siyam na taong naroon si Brother, hanggang sa 1885 kung saan umabot ito sa isang daan at labinlima.

Sa panahon ng tag-init noong 1885, si Brother Columba ay binigyan ng Obedience na bumalik sa Notre Dame at balikan ang kaniyang tungkulin sa sapatusan sa Komunidad. Ang tindahan ay naroon sa pangunahing parte ng malawak na gusaling karaniwang tinatawag na The Shops. Tinatayang nakatayo ang gusali kung saan ngayon nakatayo ang Dillon Hall: nilalaman nito ang mga tindahan ng tin, elektriko, plumbing, at karpintero, at ang mga establisimyento para rito. Ilang mga layko ang empleyado sa sapatusan maliban sa mga Brother, dahil kinakailangan nang mas higit pang tulong sa kayang ibigay ng Komunidad ang patuloy na lumalaking departamento ng mano-manong paggawa sa kolehiyo.

Nagpatuloy sa pagsasagawa ng kaniyang kalakalan si Brother Columba sa parehong lugar sa susunod na pitong taon. Sa panahong iyon may sakit si Father Sorin at kinakailangan niyang palipasin ang karamihan ng kaniyang mga araw sa kaniyang silid. Sa kung anong kadahilanan, na hindi lingid sa ating kaalaman sa ngayon, inatasan niyang maging pribadong nars si Brother Columba. Siyempre, ang mga Sister ng Holy Cross ay naghandog ng lubos na pangangalaga kay Father Sorin, ngunit nakadepende pa rin siya kay Brother Columba.

Binantayan ni Brother Columba ang tumatandang pari nang may higit na debosyon. Alam niyang nagtrabaho ito nang lubos at matagal sa serbisyo ng Panginoon at karapatdapat sa kahit ano mang maliit na pampalubag na maibibigay nito sa kaniya. Hindi lumalayo nang higit pa sa

tawag ng lalaking may sakit si Brother Columba sa susunod na dalawang taon. Nang lumala ang sakit ni Father naging lubos-lubos pa ang pangangailangan nito ng tulong, hanggang sa ika-31 ng Oktubre 1893 namayapa ang matandang Tagapagtatag sa kaniyang pabuya.

Pagkatapos mamatay ni Father Sorin, si Father William Corby, ang Provincial, isang kapelyan ng Digmaang Sibil, at dalawang beses na naging presidente ng Notre Dame, ay nagbigay kay Brother Columba ng Obedience na bumalik sa pagawaan at tindahan ng sapatos, posisyon na nanatili sa kaniya nang higit pa sa kapat ng isang siglo. Paminsan-minsan ang kinaroroonan ng tindahan ay nagbabago, ngunit kahit ano man ang hingin ng pag-unlad at pangangailangan, ang kaaya-aya, mapagbigay, at masipag na si Brother Columba ay laging naroon at nananatiling pareho.

Isang araw nagdesisyon ang kaniyang Provincial Superior na papuntahin si Brother sa Chicago sa tanyag na siruhanong si Doktor Senn, na karapatdapat naman ang pagkabantog dahil sa kaniyang kakayanan. Nagpaubaya agad si Brother sa Obedience kahit na wala naman siyang pakialam kung lumpo siya o hindi. Mas higit siyang nababahala sa gastos na aabutin ng Komunidad. Ngunit nagpunta siya, at naging lubos na matagumpay ang operasyon na mistula itong mirakulo. Imbis na ang dati niyang alanganing paglalakad, bahagya na lang ang pagkakalumpo ni Brother.

Pagbalik niya sa kaniyang atas, nagtrabaho nang mas higit pa at mas mahaba si Brother kaysa noon. Determinado siyang bawiin ang ginastos. At alam ng mga nakakakilala sa kaniya nang mas mabuti na nagdasal din siya nang mas taimtim at mas higit pa.

Isang araw pumasok si Brother sa tindahan niya na may bitbit na bagong estatwa ng Sacred Heart. Regalo ito ng isang kaibigan, isang bagay na matagal nang ninanais ni Brother. Binigyan ng dambana ng karangalan ang estatwa sa loob ng tindahan, at paminsan-minsan inaangat ni Brother ang mga mata niya mula sa kaniyang trabaho patungo sa kinalalagyan ng rebulto kung saan pinagmamatiyagan siya nito.

Pagkalipas ng kaunting panahon, nagpakita rin si Brother na may dalang karton ng ilaw panglamay, at mula noong araw na iyon, ang unang bagay na ginagawa niya ay magsindi ng kandila sa harapan ng estatwa. Di nagtagal kumalat din ang balita tungkol sa dambana, at sa kahalintulad na bilis ay nagkaroon ng dalawang kampo ang mga pumupuna, iyong para rito at iyong tutol sa pagbabago. Lingid sa pinapangarap ng mabuting Brother, noong itinayo niya ang kaniyang altar, na mapapansin pa ito, at mas lalo na magkakaroon ito ng kontrobersiya. Ngunit hindi siya nabahala rito: mayroon siyang permiso mula sa kaniyang Superior at iyon lamang ang kaniyang kinakailangan.

Isang araw, di nagtagal, nagpunta si Brother Columba sa tindahan na may dalang pakete na may mga materyal upang gumawa ng mga modang tsapa ng Sacred Heart.

"May mga pagkakataon na hindi ako abalá," wika niya sa isa sa kaniyang mga katulong, "at binabalak kong gamitin sila sa paggawa ng mga tsapa ng Sacred Heart. Higit na mas magiging mahalaga ang mga ito sa mga nabibili, at mas mababa ang presyo nito. Gusto ko silang ibigay sa mga hihingi, o sa mga gagamit sa kanila."

Nakinig ang lalaki nang nakaangat ang isang kilay, ngunit wala siyang sinabi. Si Brother ang tagapamahala sa tindahan; siya ang boss: hayaan natin siyang gawin kung ano ang gusto niya.

Di kalaunan, kahit na naninigas at kinakalyo na ang mga daliri ni Brother, dumarami ang bilang ng mga natapos na tsapa, kahit na gaano karami pa ang bilang ng mga pinamimigay niya.

Muling nagkaroon ng oposisyon: muling nagkaroon ng dalawang kampo na malinaw na magkaiba.

"Bakit mababahala ang kahit sino sa katotohanan na pinamimigay ko ang maliliit na tsapa ng Sacred Heart?" tanong niya sa isang kaibigan noong marinig ang balitang mayroong tumututol na nakabalik sa kaniya.

"Di ko hahayaang maging sakit ng ulo iyon, Brother. Malimit na hinaharangan ang mabubuting bagay ng parehong kamangmangan at malisya."

"Ay, hindi ko iyon inaalala. Donasyon ang mga kagamitan sa akin, at may permiso akong gamitin sila para doon. Kakatwa nga lang kung gaano siya pinag-uusapan."

"Pag-aanunsiyo siya, Brother. Umaasa lang ako na kakayanin mong tustusan ang pangangailangan."

At iyon ang tunay na trabaho. Nagpatúloy si Brother Columba sa paggugugol ng kaniyang libreng oras sa paggawa ng mga tsapa, ngunit may isang estudyante na binanggit sa iba kung paano siya nakakuha nito, at ang bilang ng mga naghahangad nito ay patuloy sa pagdami.

Noong mga araw na iyon ginagamit lamang ni Brother Columba ang kaniyang mga tsapa bilang paraan ng pagkalat ng kaalaman at debosyon sa Sacred Heart of Jesus, isang debosyon na siya mismo ang gumagawa nang ilang mga taon na, at nalaman niya mula sa pagbabasa niya tungkol sa Buhay ng ngayong si St. Margaret Mary na ang Sacred Heart ay naghahangad na ipalaganap sa buong mundo. Walang ibang ideya na pumasok sa isipan ni Brother Columba tungkol sa paggamit sa kanila bilang instrumento ng pagpupukaw ng tiwala para sa pagpapagaling ng mga pisikal na karamdaman. Binigay niya lamang sila sa mga mag-aaral na pumapasok sa kanilang munting tindahan at hinihiling sila na suotin ito sa kanilang leeg o bitbitin ang mga ito sa kanilang mga bulsa.

Noong panahong iyon hindi kilala ang Notre Dame bilang "City of the Blessed Sacrament." Bihirang mabanggit ang debosyon sa Sacred Heart, at ang kamangha-manghang gawain na daan-daang mga batang lalaki ang nagpupunta sa Eukaristiya ay di rin nila pinangarap.

Hindi pinalabas ni Brother Columba ang sarili bilang propeta, mapanlikha, o repormista. Hindi talaga. Ginawa lamang niya ang kaniyang tahimik na paraan upang gawin kung ano ang nakakaya niya upang ipakita sa iba ang kaniyang pagmamahal at debosyon para sa Sacred Heart of Jesus. Wala nang iba maliban pa roon ang siyang pumasok sa kaniyang isipan.

Ngunit darating din ang panahon kung saan magbabago ang marami rito. Mas nalalapit pa, sigurado, sa pinapangarap ng kahit na sino.

## IKAPITONG KABANATA

Sa isa sa mga madalas na pagbabago dahil sa pag-unlad o pangangailangan, nilipat ang tindahan ni Brother Columba mula sa luma nitong puwesto sa The Shops papunta sa isang kuwarto sa unang palapag sa tapat ng Washington Hall. Wala namang halaga sa kaniya ang pagbabagong ito, ngunit sa panahong iyon nag-abot ng donasyon ang mga kaibigan niya upang matulungan siya na palawakin ang kaniyang nasasakop na impluwensiyang relihiyoso.

Mga ilang taon na rin na si Brother Columba, maliban sa debosyon niya sa Sacred Heart of Jesus, ay mayroon ding debosyon na maihahalintulad na sa anak para sa Our Lady sa ilalim ng titulong Immaculate Heart. Habang nananahan siya sa Notre Dame, Our Lady's City, lumago ang debosyong iyon, at ngayon na mayroon na siyang kakayanan, gumawa siya ng daan-daang maliliit na litrato ng Immaculate Heart at pinamigay ang mga ito sa lahat ng pumapasok sa tindahan. Kapalit nito, hinihingi niya sa bawat nakatatanggap na sambitin ang maikling dasal na nakalimbag sa likod ng litrato. Humingi ang mga mag-aaral ng mga kopya upang ipadala sa kanilang mga magulang, dating mga naging guro, at mga kaklase. Kung ilang daang mga maliliit na litrato nito ang ipinamigay ni Brother ay hindi na kailanman malalaman pa. Sino ba ang makakahinuha kung gaano kalaking kabutihan ang nagawa sa ganitong paraan!

Mukhang wala namang naidagdag masyado ang pagkálat ng maliliit na mga litrato ng Immaculate Heart sa kampo ng oposisyon, ngunit may isa pang debosyon na pinalaganap si Brother na nagmukhang ganap na kabaguhan sa iba, at iyon ay ang sa rosaryo ng Blessed Sacrament.

Kung saan mismo nakuha ni Brother Columba ang una niyang pares ng mga Blessed Sacrament beads ay lingid sa kaalaman ng manunulat na ito. Nakaeengganyo sigurong malaman. Ngunit, bigla na lamang siyang nagpakita, na hindi lang mayroong isang pares ng rosaryo, ngunit

mga ilang dosena nito, at iniabot niya sa iba nang kasinglaya tulad nang sa mga tsapa ng Sacred Heart at litrato ng Immaculate Heart.

Lubos na maingat si Brother sa pagpapaliwanag sa gamit ng tsapa o ng rosaryo bago ito iabot sa taong humihingi. Gusto niyang makasiguro na alam noong indibidwal ang magiging halaga sa kaniya sa paggamit nitong mga sakramental.

Isang araw may lalakeng kilalang-kilala ni Brother Columba na nagpunta sa kaniyang tindahan upang makipag-usap. Tinanong siya ni Brother kung mayroon siyang rosaryo ng Blessed Sacrament.

"Wala pa akong naririnig na ganoon," ang sagot ng lalaki.

Yumuko si Brother at naglabas ng pares ng mga abaloryo mula sa ilalim ng counter.

"Ito sila," ang kaniyang wika, minamatyagan ang kaibigan.

Pagkatapos ay nagbigay ng paliwanag si Brother tungkol sa kung papaano ginagamit ang rosaryo. Mabusisi siya sa kaniyang pagpapaliwanag, ngunit mukhang mas interesado siyang pagmasdan ang reaksyon ng kaniyang bisita kaysa sa alboryong nasa kaniyang mga kamay.

Biglang may pumasok na ibang tao sa kuwarto. Agarang inabot ni Brother ang rosaryo sa bagong dating.

"Heto, kunin mo," ang sabi niya nang hindi nililingon ang naunang bisita, "hindi naman niya gagamitin iyan sa pagdarasal."

Kung nabigyan man o hindi ng kaliwanagan sa pag-iisip noong lalaki si Brother Columba ay hindi natin malalaman, ngunit di rin nagtagal ay umalis ang lalaki sa Simbahan, nagpakasal labas sa kaniyang hurisdiksiyon, at mula noon ay hindi na kailanman pinagdaanan ang mga sakramento.

Sa ibang pagkakataon naman mayroong dalawang batang Brother na nagpunta sa sapatusan para sa bagong mga sapatos. Pinagsilbihan sila ni Brother Columba tulad nang nakagawian. Noong makuha na nila ang kanilang inaasam, tinawag pabalik ni Brother ang mas nakatatanda at deretsahang sinabi: "Hindi puputi ang buhok ng kaibigan mo rito sa Komunidad." Hindi ito binanggit ng batang Brother sa kaniyang kasama, at, kung tutuosin ay hindi niya ito binigyan ng lubos na pansin noon. Ngunit, ilang buwan ang lumipas at umuwi nga ang nobisyo.

Sa panahong ito ng ating kuwento—1910—na kumalat ang balita tungkol sa kakayanan ni Brother Columba magsagawa ng mga "mirakulo." Alinsunod sa kautusan ng iba't ibang mga Santo Papa, at lalo na ni Urban VIII, na ibibigay lamang ang kanilang pinakapayak at natural na kahulugan sa mga salitang tulad ng paghilom, mirakulo, atbp. Uulitin lamang namin ang mga pangyayari kung papaano sila ikinuwento o nakarating sa amin sa pamamagitan ng mga sulatin. Inaalay namin ang

aming sarili ngayon at kailanman sa walang-kamaliang Simbahan na siya lamang ang may karapatang magdesisyon ukol sa mga bagay na ito. Marami pa mula sa Komunidad ang madalas na bumibisita kay Brother Columba at lahat sila ay magkakasang-ayon na binabanggit niya ang mga "paghilom" dahil naganap ito sa kaniyang tindahan o sa ibang lugar.

Alam din natin na biglang dumami ang kaniyang mga sinusulatan noong mga nakaraang buwan. Nagsusulat ang mga tao sa kaniya upang humingi ng mga tsapa, upang ipagdasal niya sila, at para rin pagalingin niya sila.

Sinabi ng isa sa mga Brother na nagtratrabaho sa post office sa writer na ito na madalas makakuha ng mga dalawampu hanggang tatlumpung mga liham sa bawat araw.

Alam natin na madalas magsulat bilang tugon si Brother Columba sa mga natatanggap niya. Kung ating aalalahanin, wala masyadong pormal na edukasyon si Brother, at ang mga sulat niyang nasa ating mga kamay sa ngayon ay tiyak na patunay na kakaunti lamang ang nalalaman niya tungkol sa pagbabaybay, pagbabantas, at konstruksyong pambalarila. Ngunit hindi siya nabahala sa mga ito: sinulat niya ang nilalaman ng kaniyang puso kahit na hindi wasto ang kaniyang balarila.

Isang araw pilit na hinarap sa kaniya itong kawalan niya ng edukasyon. Nagtratrabaho siya sa kaniyang tindahan nang pumasok ang Presidente ng Unibersidad. Kinausap siya ni Brother nang magiliw tulad ng karaniwan niyang nakagawian, ngunit hindi niya maiwasang mapansin na nababahala ang Presidente.

"Brother," malumanay na panimula nito, "marami kang sinusulat na mga liham, hindi ba?"

"Opo, Father. Marami nga po."

"At sinusulat mo sila sa opisyal na papel ng Unibersidad."

"Opo, Father. Sa isa sa mga iyon," at kinuha ni Brother ang kumpol ng papel na sinusulatan na may pangalan ng Unibersidad na naka-imprenta gamit ang bughaw na tinta sa bawat pahina. Karaniwan at ordinaryong papel lamang ito, katulad ng mga ibinibenta sa tindahan ng mga libro sa Unibersidad at ginagamit ng lahat ng mga mag-aaral sa kampus.

"Kung gayon, Brother," patuloy ng pari, nang mas banayad, pinipiling mabuti ang kaniyang mga salita, "Sa tingin ko magpapadala ako nang ilang mga estudyante bilang kalihim upang asikasuhin ang iyong mga sinusulatan para sa 'yo. Tingin ko'y magiging mas mainam iyon. Maaari mo silang abangan bukas o sa makalawa."

Doon na lumisan ang Presidente at iniwan si Brother Columba na nagtataka sa mga nangyari. Anong gagawin niya sa mga kalihim? Hindi niya maaaring sambitin ang mga sulat. Ayaw din niya na may mga batang mag-aaral na nagtitipo ng mga sulat niya para sa kaniya. Kung gayon,

may kinakailangang gawin tungkol dito. Bumangon si Brother, isinara ang kaniyang tindahan, at bumisita sa Provincial.

Ang Provincial ay malaking lalaki sa bawat aspeto. Kahit na sino pa ang magpunta sa kaniyang opisina, mistulang handa siya sa kahit na ano, at noong dumating si Brother Columba ay binati niya ito nang buong-puso.

Dahil iisa lamang ang dahilan ng pagbisita ni Brother Columba ay agad na niya itong binanggit.

"Ang sabi ng Presidente padadalhan daw niya ako ng dalawang kalihim para isulat ang mga liham ko para sa akin. Hindi ko gusto na may ibang tao na nagsusulat ng mga liham ko!"

"Dalawang kalihim!" wika ng Provincial. "Sino ang magpapadala ng mga kalihim?"

"Ang Presidente. Ayaw ko sa kanila, Father. Kailangan kong isulat kung ano man ang nilalaman ng puso ko. Hindi ko maaaring idikta ang aking mga sulat."

Tahimik na tinignan ng Father Provincial si Brother nang ilang sandali, at sinabi nito: "'Wag mong alalahanin ang iyong sarili ukol dito, Brother. Sige lang at magsulat ka sa paraang ninanais mo. At kapag ginulo kang muli ng Presidente, sabihin mo lang na sinabi kong kung makapagbabaybay ka at makapagbabantas nang kasinggaling ng ibang mga mahahalagang mga tao rito, hindi mo aatupagin ang pagmimirakulo."

At doon ay kampante at masayang bumalik si Brother Columba sa kaniyang tindahan. Kung mayroon man o wala nang higit pang sinabi ang Presidente ukol dito ay hindi natin alam, ngunit alam natin na nagpatuloy si Brother sa pagsusulat ng kaniyang mga sulat sa ordinaryong papel.

At sa ating pagkakaalam ay dumami nang dumami pa ang mga liham na kaniyang isinulat. May mga tao mula South Bend at kalapit na mga baryo at bayan ang nagpunta sa kampus upang makita ang "Miracle man." Muling nagsipaglabasan ang mga para rito at tutol dito. May ilang nagpahiwatig ng argumento na masyadong maraming mga dayo sa kampus; at delikado para sa kalusugan ng mga mag-aaral at ng Komunidad ang madalas na pagpunta ng mga taong may sakit na naglalabas ng kanilang hinaing sa sapatero. Kinakailangan itong wakasan ngayon din. May ilang nagpunta sa Presidente tungkol dito at inimpluwensiyahan siyang pagsabihan si Brother Columba na kinakailangan na itong matigil. Ngunit nagkamali ang Presidente sa pag-aakala na Superior siya ni Brother, dahil hindi. Kung ganoon man, agad siya nitong susundin dahil lagi namang masunurin si Brother Columba. Sa lagay na iyon, pinaalala lamang ni Brother Columba na hindi lamang siya mayroong pahintulot ng kaniyang lokal na Superior, mayroon din siyang pahintulot ng kaniyang Provincial. Agad na umatras ang Presidente, natauhan na lumampas siya sa kaniyang awtoridad; ngunit hindi pa rin kampante sa pamamaraan ni Brother Columba.

Sa sandaling iyon, ipinagpatuloy lang ni Brother Columba ang kaniyang tungkulin at pagdarasal. Matatag at sapat naman ang tiwala niya sa Sacred Heart kung kaya't alam niya na ang lahat ay maaayos din ayon sa plano ng Diyos.

## IKAWALONG KABANATA

Mula sa puntong ito ng ating kuwento, ika-9 ng Oktubre 1912, hindi na natin kinakailangang lubusang magsaalang-alang sa salita ng mga, tulad ng manunulat na ito, personal na nakakakilala kay Brother Columba, dahil maaari na nating balikan ang serye ng mahahabang mga liham ni Brother na nasa sarili niyang sulat-kamay. At walang duda na marami pang ibang mga liham ang nasa pagmamay-ari ng mga kaibigan at kliyente ni Brother. Ang mga liham na nabanggit ay ipinadala sa isang kaibigang klerigo sa Iowa at nabuo sa kahabaan ng sampung taon. Karamihan sa kanila ay mga tugon sa sinulat ng pari, at dahil wala sa atin ang mga sulat niya kay Brother, ang kahulugan ng ilan sa mga tinutukoy sa mga sulat ni Brother ay hindi tahasang maiintindihan.

Sa unang sulat ni Brother magkakaroon tayo ng ideya sa ginagamit niyang paraan ng pakikipagtalastasan: "Ipagdarasal ko rin ang batang babaeng may sakit. Bigyan mo siya nitong tsapa upang suotin at payuan mo siyang sabihin na, 'Sacred Heart of Jesus, pagalingin Mo ako,' mga limang beses sa isang araw sa ngayon. Ialay natin ang kaniyang pagpapagaling sa pamamagitan ng puso ng Mahal na Birhen."

Malinaw na nasa ligtas ang kalagayan ni Brother kung idadaan niya kay Maria ang pagdulog kay Hesus. Sa ganitong paraan sinusundan niya ang gawain ng mga santo. Malinaw din na inaabangan niya ang paghilom dahil tahasan niyang sinasabi, "Ialay natin ang kaniyang pagpapagaling sa pamamagitan ng puso ng Mahal na Birhen."

Sa isang sulat noong ika-16 ng Nobyembre, inilagay niya: "Gagawa ako ng nobena para sa dalawang intensiyon. May ilang makakakuha nito at may ilan na hindi. May ilan na akong napagaling na mga kaso ng asthma. Isa doon ay namamatay sa Indiana Harbor at tinalikuran na ng mga doktor. May babaeng nagsulat kung gaano kagaling ang lunas na ginawa nito sa kaniya. Nakakakuha ako ng mga liham mula sa kung saan-saan. Ngunit kahit kailan wala pa akong isinusulat na guhit sa papel... Wala akong pagkakagastusan na kinakailangang pag-usapan. Kung gusto ko ng pera, makukuha ko iyon kung magdarasal ako para rito."

Pagkatapos pirmahan iyong sulat, nagdagdag ng pahabol si Brother: "Mayroon akong batang babae na nakasaklay sa Detroit. Sinabihan ko siyang ipadala ang mga saklay. 'Wag kang tatawa."

May mga detalye sa sulat sa itaas na kapareho ng lahat na mayroon tayo. Una sa lahat, mapapansing parating nagdarasal si Brother; ikalawa, nagpapakita siya ng ugaling parang bata sa pagtatalakay sa mga lunas; ikatlo, nagugulat siya na alam ng mga tao ang tungkol sa kaniya sapagkat wala namang lumalabas sa mga peryodiko: at, panghuli, ang kaniyang buo at perpektong tiwala sa Sacred Heart. "Kung gusto ko ng pera, makukuha ko iyon kung magdarasal ako para rito." "Sinabihan ko siyang ipadala ang mga saklay." Naroon din ang mga katagang madalas niyang gamitin: "May ilang makakakuha nito," ang nito rito ay tumutukoy sa lunas. Ang isa pang karaniwang kataga ay, "'Wag kang tatawa." At bago ang kaniyang lagda, bilang kalakip na pagtatapos, kakatwa niyang sinusulat, "Mabuting pag-ibig." Maaalala mo ang pagiging payak ni San Francisco ng Assisi.

Ang huling sulat na mayroon tayo mula sa 1912, na may petsang ika-20 ng Nobyembre, ay nagsasaad na:

"Minamahal na Father:

"Natanggap ko ang inyong sulat ng malugod na pagtanggap. Ipadala ninyo ang inyong mga taong may dinaramdam. Wala itong kaso sa akin. Mayroon akong animnapung mga novena paminsan-minsan. Mayroon akong dalawang pinagaling noong Linggo. Isang may iniindang kirot. Magaling na ito. Isang, dahil sa tuberkulosis, ay umubo nang sobra: isang dalaga. Pagkasuot na pagkasuot niya ng tsapa, nawala ang kaniyang ubo. Noong Lunes mayroon din: isang binata, kasal sa Irlanda. Hindi pa siya umiinom mula Agosto.

"Pinakiusapan akong bisitahin ang isang babae sa ospital. Mukhang wala nang pag-asa. Inoperahan siya. Sabi niya sa akin, pinaupo siya sa kama noong gabi at sa umaga ay nalulunod na siya sa nana hanggang sa likod ng kaniyang leeg. Nakauwi na siya sa kanilang tahanan at magaling na at nagbalik na sa trabaho. Sabi niya, pagkatapos ko umalis ay tumigil ang pagdaloy ng nana, at hindi ito maintindihan ng mga doktor. Kung nagdarasal sila ay maiintindihan nila.

"Tinutulungan ko ang mga tao na gawin ang kanilang tungkulin—labindalawang taon na; at mabinyagan ang mga bata. Kaya nakikita mo naman na mabigat ang aking trabaho. May sinagot akong tatlong sulat: wala naman ako masyadong sinasabi sa kanila. May kakaunti akong oras sa pagitan ng mga takda sa sapatusan."

Sa sulat na iyon mayroon tayong unang tanda na umalis si Brother ng kampus para puntahan ang mga tao na hindi makakabiyahe upang makita siya. Sa mga taon na sumunod nakailang biyahe si Brother, ang ilan sa kanila malayo sa kaniyang inuuwian; ngunit laging mayroong pakiusap o permiso mula sa kaniyang mga Superior. Madalas na nagpupunta ang mga tao sa kaniya at dinadala siya sa mga ospital o bahay ng kanilang mga kaanak na may sakit. Ang mga bagay na ito ay hindi nakababahala kay Brother nang kahit katiting. Kapag ang Obedience ay

ibinigay o pinakiusapan siya na magtungo, umaalis siya nang tulad sa isang batang papunta sa handaan.

Sa sulat na iyon una ring nabanggit sa atin ang lawak ng tungkuling pang-espiritwal na sinikap niyang gawin para roon sa mga higit na nangangailangan nito kaysa pisikal na pagpapalubag.

Ang paglimbag ng isang liham matapos ang isa, at ang pagpuna sa kanila ay tiyak na magiging mabusisi para sa mambabasa, kahit na gaano nakawiwili ang mga ito. Ngunit, mula rito at doon mayroong kataga na bibigyan ng pansin kung magpapakita ito ng panibagong kaliwanagan sa katauhan ni Brother o sa kaniyang trabaho.

Sa isang sulat na may petsang ika-17 ng Enero 1913, mababasa natin: "Papunta akong St. Mary's, isang paaralang pambabae, mga isang milya ang layo mula rito. Nitong mga huli mayroon silang ilang mga pagpapagaling doon. Habang naroon ako may sampung mga Sister na lumapit sa akin para sa lunas. Lumuhod sila sa akin para mag-Antanda sa kanila gamit ang tsapa. Hindi mo ba ito ikamamatay? Hindi ko naman iyon hinanap. Pinauunlakan ako ng Diyos at nahahabag din ako nang sabay."

Noong ika-12 ng Agosto, sa taon ding iyon, mayroong bagong talâ sa kaniyang mga sulat: "May paralisadong batang babae na dinala rito, at batang lalaki na mayroong tuberkulosis sa isa sa mga pamilya. Protestante. Ang dalawa ay nagkakaroon ng lunas. Halos lahat ng mga Protestante ay pinagbibigyan nito." Ikinamangha ni Brother ang pananampalatayang ipinapakita ng mga taong ito.

Kawili-wiling tandaan, sa pagbabasa ng mga sulat ni Brother noong 1914, na wala siyang binabanggit tungkol sa malalang giyera na nangyayari si Europa. Ang lahat ng kaniyang atensiyon ay napunta sa kaniyang trabaho, sa kaniyang mga dasal, at sa mga mahihirap na taong nagpupunta sa kaniya o pinapupuntahan sa kaniya ng kaniyang mga Superior.

Sa isang sulat ng ika-30 ng Oktubre 1914, mababasa nating: "Kinailangan ko bumangon mula sa kama upang magpunta sa lalakeng baliw. Kinailangan ng dalawang lalaki para hawakan siya. Hindi ka pa nakaririnig ng ganoong pagmumura. Inakala ko na naroon si Satanas. Naroon din ang pari at doktor. Binasbasan ko siya gamit ang tsapa at umupo ako at nagdasal. Natulog siya at pagkagising niya sa umaga ay magaling na siya."

Ngunit hindi lahat ng mga liham ni Brother sa pari ay naglalaman lamang ng tungkol sa mga pagpapagaling. Ang ilan sa kanila ay tungkol sa pagiging tao, tulad noong isa mula sa ika-4 ng Nobyembre 1914. "Ang lahat sa Estadong ito at kondado at nayon ay naging Demokrata. May ilang mga Katoliko sa tiket. Limampu't dalawang ulo ng mga toro ang nawala nang dahil sa sakit sa paa at bibig. Mga baka itong binili namin upang katayin." Ngunit ang mga punang ganito ay maikli lamang at bumabalik siyang muli sa kaniyang debosyon sa Sacred Heart. "Hindi ako

nakalimot tungkol sa iyong mga taong May Kulay... Kung magpupunta akong muli sa Keokuk, tutungo ako sa kanilang simbahan upang turuan sila ng debosyon sa Sacred Heart at bigyan sila ng mga tsapa at litrato... Wala akong babanggitin ukol sa pagbabago ng relihiyon... Hahayaan ko na ang Sacred Heart na gawin iyon."

May panahon na rin na naghahangad si Brother Columba ng natatanging dambana para sa Sacred Heart sa Notre Dame. Ang unang pagkakabanggit niya nito sa kaniyang mga sulat ay noong ika-11 ng Nobyembre. Sa liham na iyon isinasaad niya na: "Ipinagdasal ko na magkaroon ng isang mirakulo na matutunghayan ng mga tao... Hindi ko pa iyon nagagawa dati. Ang layunin ko ay para makakuha ng dambana. Kinakailangang may matunghayan ang mga tao." Hindi siya itinadhanang makita ang pagkamit ng kaniyang pangarap para sa isang malaki, at hiwalay na dambana.

Sa paglipas ng mga buwan patuloy ang pagdami ng bilang ng mga taong nagpunta sa kampus. Ang bawat koreo na dumarating ay may dalang bilang ng mga liham. Ang bilang ng mga biyaheng ginawa ni Brother nang dahil sa Obedience ay kinailangan siyang ihabilin ang karamihan ng trabaho sa sapatusan sa ibang mga tao. Halos araw-araw siyang nakaririnig tungkol sa mga pagpapagaling.

Noong ika-12 ng Oktubre 1915, nagsulat siya sa kaniyang kaibigang pari: "Nagkaroon ako ng dalawang kaso ng lockjaw. Mga Protestante—parehong gumaling. Isang lalaki at isang babae. Ginawa ko ang Antanda sa kanilang bibig gamit ang tsapa. Ang bibig ng lalaki ay agarang bumuka: ang sa babae naman sa loob ng dalawang araw. Pareho silang ganap na magaling na." Tinapos niya ang sulat sa pagsasabi sa pari na: "Magdasal ka sa Puso ni Maria. Ganoon ako nakakuha ng napakaraming pabor. Gumawa ako ng 25,000 na mga tsapa ng Immaculate Heart bago pa ako gumawa nang kahit na anong may kinalaman sa Sacred Heart."

Mayroon lamang tayong apat na liham mula kay Brother Columba para sa taong 1916. Dito sa sulat mula ika-5 ng Disyembre, mababasa nating: "Ang babae ay apatnapung taon nang nakaratay sa kama. Pagkatapos ng nobena ay bumangon siya at ngayo'y nagtratrabaho na." Pinuna rin niya na: "Inaayos nila ang Log Chapel para makapunta ako doon tuwing Linggo."

Ngunit hindi na nagamit ni Brother ang Log Chapel, dahil saglit lamang pagkatapos niyang isulat ang liham ay nagkaroon siya ng trangkaso. May epidemya ng sakit na ito na kumalat sa buong bansa noong Unang Digmaang Pandaigdig. Hindi nakatakas ang Notre Dame mula sa pasakit na ito, at ang mga bata at matatanda ay kapwa tinamaan. Kahit na nasa mga dulong sesenta na ang kaniyang edad ramdam niyang kinailangan niyang mag-ambag ng kaniyang parte upang makatulong sa mga may sakit. Dahil sa kapaguran at edad, naging biktima siya sa karamdaman at nameligro ang kaniyang buhay. Dumoble sa pagdarasal ang Komunidad, at ang

mga kaibigan niya mula sa iba't ibang parte ng bansa ay dumulog sa langit para sa kaniyang pagpapagaling. Nalagpasan niya ang karamdaman, ngunit hindi na nagbalik ang dati niyang lakas.

Noong ika-20 ng Enero, sinulat niya: "Nasa mabuti na akong muli. Hindi man kasinglakas, ngunit sa tingin ko'y kapareho pa rin nang dati. Akala nila'y mamamatay na ako dahil sa aking katandaan at dahil malalang karamdaman iyon. Sa tingin ko'y niligtas ako ng mga dasal. Tuturuan ako nito na makiramdam din sa iba."

Noong kaya na ni Brother mag-ikot muli ay bumalik na siya sa kaniyang tungkulin. Araw-araw na mayroong mga bisita, at mula sa kaniyang mga sulat malalaman natin na naglakbay siyang muli sa iba't ibang mga lugar upang puntahan ang mga taong masyadong malubha na ang karamdaman para magtungo sa kaniya. Sa kaniyang liham noong ika-30 ng Abril, mababasa nating: "Hindi ko gustong umalis nang madalas, ngunit madalang akong may hindi napapagaling tuwing lumalabas ako." Sa sulat ding iyon, kaniyang dagdag: "Sa susunod na Linggo ay bubuksan ko ang aking mga bisitasyon sa Log Chapel. Maayos na naman ito."

Ang mga liham mula sa taong ito ay naglalaman din ng tungkol sa mga alahas at mamahaling mga hiyas na pinadadala ng mga tao. Binabalak ni Brother na tunawin ang mga ginto at gawin itong mga magagandang kalis na maaaring kabitan ng mga hiyas. Binabanggit din niya na ang pera ay pinapadala para sa pagpapatayo ng angkop na dambana para sa Sacred Heart.

May isang sulat lamang para sa taong 1918. Dito binabanggit ni Brother na nagpalipas siya ng dalawampu't apat na araw sa Joliet, Illinois. "Isa hanggang dalawang daan sa isang araw. Nagpunta ang lahat ng uri ng tao, at maraming mga gumagaling agad sa mga Negro kapag binabasbasan ko sila... Daan-daan ang gumaling... Madalas na nanggagaling mula sa mga karatig-bayan at sa Chicago."

Habang naroroon sa Peoria si Brother Columba, mayroong ministrong Protestante doon, si Rev. Carl F. Brun, na nagsulat ng sumusunod na artikulo para sa *Joliet Evening Herald-News*:

"Lumipas na ba ang panahon ng mga mirakulo? Kung mayroong mga mainam na pagpapagaling na isinagawa ni Hesus labingsiyam na siglo na ang nakalipas, at kung Siya nga, ayon sa paniniwala ng mga Kristiyano, ang Nag-iisang buháy at makapangyarihan sa lahat, hindi ba't pareho rin ang masasabi ukol sa mga pisikal na panggagamot na isinasagawa ngayon tulad ng pagtatala ng mga ebanghelyo sa panahon ng Kaniyang pagsasatao?

"May ilan sa bawat panahon na naniniwalang ang sagot sa mga katanungang ito ay buong-buong Oo. Maraming naririto ngayon sa Joliet na naniniwalang kaya nilang magpatunay bilang saksi na natunghayan nila ang mga bagay na ito nitong mga nakaraang araw.

"Si Brother Columba, na nakatira sa Unibersidad ng Notre Dame, ay nasa Joliet nang may katagalan na mula nang una siyang magpunta rito upang tulungan si Miss Agnes McFadden, na

dinadaing ang karamdamang neuritis matapos ang isang operasyon. Malalaking grupo ng mga tao ang nagtitipon bawat gabi sa tahanan ni Mrs. Ann Delaney, kung saan nanahan si Brother Columba habang nasa Joliet. Maraming pagkakataon na may kahanga-hangang mga paggagamot ang sinasabing isinagawa bilang tugon sa mga dasal nitong simpleng lalakeng ito na may pananampalatayang may kadalisayang tulad ng sa mga bata.

"Sa isang mamahayag ng *Herald-News,* binanggit ni Brother Columba na ang kapangyarihan ay hindi nagmumula sa kaniya, na hindi niya naiintindihan kung papaano o bakit niya nagagawa ang mga bagay na ito at hindi ibang tao, o kung bakit may ibang nagkakaroon ng lunas at ibang hindi. Sinabi niyang bumibisita lamang siya sa lungsod para sa mga may sakit at dinaramdam at mananatili siya hangga't makatutulong. Wala siyang hinahangad na karangalan o personal na kapalit para sa kaniyang tungkulin.

"Sa mga paggagamot na sinasabing isinagawa sa Joliet binabanggit ang pagbabalik ng kakayanang magsalita ni Bessie Egan, na apat na taon nang hindi nakakapagsalita dahil sa Scarlet Fever. Si Elizabeth Delaney, na nabulag sa isang mata labingsiyam na taon na ang nakalipas, ay nagsasabing mas mainam na ang kaniyang paningin sa ngayon kumpara sa mga nagdaang taon. Mayroong batang babae na labintatlong taong gulang na bingi at nabawi ang kaniyang pandinig, at ang neuritis ni Ms. McFadden ay naibsan.

"Sinasabi ni Brother Columba na nakapagpagaling na siya ng mga tao na baliw, mga bulag at bingi at pipi, maraming mayroong mga kanser, at iba na mayroong rabies at lockjaw. Sinasabi niya na isang libo't tatlong daang mga paggagamot na ang naging resulta ng kaniyang pakikipagtalastasan doon sa mga hindi nakapupunta sa kaniya nang personal. Habang may araw ay pinadadala siya sa iba't ibang mga bahay upang asikasuhin ang mga may karamdaman na hindi siya mapupuntahan.

"Kapag tinatanong kung kinakailangan ang paniniwala sa parte ng indibidwal na naghahanap ng lunas, ang sabi ng manggagamot:

'Walang maaaring maghangad ng lunas kung isinasawalambahala niya ang kaniyang katungkulan. Maaaring pagalingin ng Diyos ang mga taong ito, ngunit hindi niya ito gagawin. Ang pagpapagaling sa katawan ay hindi tunay na biyaya hangga't hindi gumagaling ang kaluluwa. May ilang mga madasaling tao na hindi gumagaling, at mistulang hindi magagawang santo ng Diyos ang ibang mga tao kung hindi Niya sila bibigyan ng pagsubok.'

"Wala siyang ginawang pagkakaiba sa pagitan ng mga Katoliko at Protestante pagdating sa pagpapagaling. Kapag tinatanong tungkol sa pamamaraan ng paggagamot, wika niya:

'Hindi ito Agham na Kristiyano, bagkus pananalig sa Sacred Heart ng ating Panginoon.'

"Ang tsapa ng Sacred Heart ay binibigay sa mga naghihirap at mayroong natatanging dasal na inuulit. Ang mga Protestante ay binibilinang magdasal sa sarili nilang paraan.

"Ang mga epileptiko, may tuberkulosis, at taong may iba't ibang karamdaman ay dinadala sa bahay ng mga Delaney o binibisita ni Brother Columba. Ang bilang ng mga pagpapagaling sa Joliet ay tinatayang lampas dalawampu. Walang talaan ng mga pangalan na tinatago, at wala ring pagtatangkang maglathala liban sa mga kuwento ng mga gumaling na ibinabahagi sa kanilang mga kaibigan at iba pa.

"Si Brother Columba ay hindi nakapag-aral pagdating sa mga libro. Isa siyang sapatero pagdating sa kalakalan at nagtratrabaho sa sapatusan kapag hindi niya inaasikaso ang mga may sakit, ipinapakita ng kaniyang mga kamay ang resulta ng pang-araw-araw na trabaho. Mayroon siyang kaaya-ayang mukha at matalas na talinong Irlandes, may nakahanda siyang sagot o salawikain para sa bawat tanong. Mukhang tapat siyang tunay at wala siyang bahid ng pagiging relihiyosong impostor. Wala siyang hinihinging kabayaran para sa kaniyang paglilingkod."

Ang susunod na sulat niya ay mayroong petsang ika-16 ng Mayo 1919. "Madalas akong nasa biyahe. Sampung araw sa Decatur. Walong araw sa Chicago: apat sa Joliet... Maraming mga panggagamot at magagaling din." At ang huling liham niya noong taon na iyon, noong ika-17 ng Setyembre, ay nagsasaad na: "Magsisimula na silang magtayo ng seminaryo... at ang dambana ay magkakaroon ng isang buong parte ng gusali. Hindi ko gusto ang planong ito, ngunit wala akong maaaring sabihin. Habang nagpapagaling ako, iyon lang ang aking aabalahin."

Sa Mayo ng susunod na taon inamin ni Brother na: "Hindi mabuti ang aking kalagayan mula nang nagkaroon ako ng trangkaso." Ngunit nagpupunta siya sa tindahan tuwing naroon siya sa Notre Dame. Dinudumog siya ng mga tao, at ginugugol niya ang kaniyang oras sa pagsagot sa mga liham.

Sinulat niya sa Enero ng taong 1921: "Nasa mabuti ako, ngunit hindi tulad nang dati. Mayroon akong ubo... Ang dambana ay malapit nang matapos... Masaya ako na buhay pa akong nakikitang malapit na itong matapos." Ngunit madaling sabihin mula sa maiikling mga sulat na hindi mainam ang lagay ni Brother. "Ako ay... kumikilos nang taliwas sa agos ng batis." Noong ika-12 ng Nobyembre, sinulat niya: "Kailangan nating isaalang-alang ang lahat ayon sa nais ng Panginoon."

Mayroong limang sulat sa ating talaan para sa taong 1922. Maiikli silang lahat, mainam na katibayan ng dami ng trabahong sinusubukang gampanan ni Brother Columba, at ng kaniyang humihinang kalagayan. Ukol sa kaniyang kalusugan, ang sabi niya: "Mabuti naman ako, ngunit mayroon akong ubo." "Hinihingal ako." "Siguro ay gagaling pa ako." Ang iba pa niyang mga interes ay: pagtulong sa mga may karamdaman, ang kaniyang pagdarasal, isang nababalitaang nobisyang may stigmata sa komunidad ng mga Sister sa New York, at ang dambana.

Tungkol sa nobisya, ang sabi niya: "Alam niya ang tungkol sa akin kahit papaano... Interesado siya sa akin at sa aking debosyon. Binabalutan niya ang mga tsapa ng Sacred Heart ng celluloid. Pinadalhan niya ako ng isa sa mga ito." Sa paksa ng dambana mayroon siyang panibagong komento: "Ninanais ng General at ng Provincial na ilagay ang Dambana ng Sacred Heart sa likod na parte ng ating Simbahan ng Sacred Heart."

Sa huling pangungusap na nakasulat matatagpuan ang nakagisnang kaaya-ayang disposisyon ni Brother Columba: "Ibigay mo kay Mack itong dolyar at hayaan siyang makakain nang maayos."

## IKASIYAM NA KABANATA

Sa taong 1923, ang huli ni Brother Columba sa mundong ito, natagpuan siyang payat at mahinang lalaki na mayroong malalang ubo. Ang kaniyang asthma na naging resulta ng kaniyang pagkakaroon ng trangkasong malala noong 1917 ay bahagyang lumala, at sa ibang pagkakataon ay ginawang imposible ng kaniyang pagkahingal na makalabas pa siya sa kaniyang silid. Kapag mainam naman ang kaniyang kalagayan, pagkatapos ng mainit na panahon, umuupo siya sa bangkô sa labas sa ilalim ng araw. Doon siya nahahanap ng kaniyang mga panauhin, at kahit na mahina na ang kaniyang kalagayan ay tinatanggap niya pa rin sila, nakikinig siya sa kanilang mga hinaing, pinalulubag ang kanilang loob hanggang sa kaniyang makakaya, binibiyayaan sila ng tsapa ng Sacred Heart at hinihikayat silang magdasal nang taimtim para sa kanilang mga sarili.

Nagsidatingan ang mga liham, ngunit kinakailangan na ni Brother na idaan ang mga mabuting tungkulin sa ibang mga seminaryo na nananahan sa Moreau Hall, na masayang isinulat ang mga tugon ni Brother Columba na dinidikta sa kanila.

Ang panahon ng tag-araw ng 1923 ay mas mainit pa kaysa sa dating nakagisnan sa Indiana. Dahil sa malalang lagay ng kaniyang asthma, hirap na si Brother sa pagkilos. Umuupo lamang siya sa labas ng East Annex kung makakaya. Doon siya nakaupo noong kinunan siya ng litrato ng yumaong si Brother Isidore na ginamit sa kaniyang mga tarhetang pang-obitwaryo at ngayo'y pamilyar na sa lahat ng kaniyang mga kaibigan. Doon nagpunta ang mga pari, mga Brother at Sister mula sa Summer School na kinakausap siya sa pagitan ng mga klase.

Sa katapusan ng panahon ng tag-araw ay nagpakita ng tila pag-inam ng kalusugan si Brother Columba. Pagdating ng pagkaabalang muli ng kampus sa pagdating ng mga estudyante para sa termino ng taglagas, inaasam niyang magkaroon ng mas aktibong kontribusyon sa kaniyang tungkulin. Ngunit nahinuha ng mga mas nakakikilala sa kaniya na hindi na siya kasinglakas ng kaniyang iniisip. Binantayan siya ng kaniyang mga Superior upang makasiguro na hindi niya hahamunin ang kaniyang lakas.

Inihalal bilang Provincial ng Probinsiya ng Estados Unidos noong 1920 si Father Charles O'Donnell, C.S.C. at bilang matagal nang tagahanga at personal na kaibigan ni Brother Columba sa mga nagdaang taon, madalas itong dumalaw sa kaniya simula nang maging Provincial. Ngayon na hindi na nakaaalis si Brother Columba sa kasalukuyang kinalalagyan sa Community House, nadagdagan ang pagkabahala ng Provincial para sa kaniyang ginhawa.

Mula simula ng Oktubre, hindi na nakababangon si Brother mula sa kaniyang higaan. Patuloy pa rin ang pagdating ng mga bisita at nadismaya sila na hindi na sila maaaring pumasok sa pribadong silid ng Brother. Lubos na silang umasa sa kaniyang tulong at konsolasyon na hindi nila kayang isipin na may mga patakaran sa monasteryong dapat sundin.

Mula sa kaniyang higaan nag-alay si Brother Columba ng tuloy-tuloy na mga dasal sa Sacred Heart para sa lahat ng kaniyang mga kaibigan at kliyente. Nagbigay siya ng mga maaaring isagot sa patong-patong na mga sulat na araw-araw pa ring dumarating, hanggang sa pinigilan na siya ng kaniyang manggagamot na pahirapan pa niya ang kaniyang sarili nang ganito.

Sa gitna ng Nobyembre malinaw na sa lahat ang katotohanang hindi na magtatagal ang buhay ni Brother Columba. Kalmado na siya at payapa. Ni wala siyang hininging kakaiba at minsan pang nagmakaawa sa kaniyang mga tagapangalaga na huwag abalahin ang mga sarili para sa kaniya. Siya na walang-patíd ang pagbibigay-lunas sa paghihirap ng iba ay higit pang nagpapasalamat sa kakaunting atensiyon na ibinibigay sa kaniya, laging nag-aalalang maging pahirap sa iba.

Ang malakas na pangangatawan ni Brother sa ngayon ay hindi na hihigit pa sa kalansay na nababalot ng balat. Mukha na rin siyang maliit na lalaki. Ang hírap ng kaniyang paghinga ay dumarating sa maiikli at iregular na mga pagitan. Liban sa kakaunting pagkapula ng kaniyang mga pisngi, ang namumutla niyang mukha at mga kamay ay mahirap nang ihiwalay sa kobre kama ng kaniyang higaan. Sa umaga, dumarating ang mga Sister ng Holy Cross na tagapamahala ng empermeriya sa Komunidad ay nagbigay sa kaniya ng patuloy na pangangalaga. Sa gabi naman ang mga Brother sa Community House at mula sa Dujarie ang nagsalitan sa pagbabantay sa kaniya.

Noong nagbigay ng abiso ang doktor, agad na silang nagbigay ng mga Last Sacrament. Tinanggap ito ni Brother nang may buong pamamanata at lubos ang kaniyang kaligayahan. Nag-iwan si Father O'Donnell ng atas na tawagin siya mismo sa sandaling magpakita si Brother ng senyas ng kamatayan.

Ang balita ng paglala ng kalagayan ni Brother Columba ay mabilis na kumalat sa mga tao. Inanyayahan ng mga natulungan niya ang kanilang mga kaibigan na magdasal para sa kaniyang paggaling. Walang ginawa ang Komunidad upang mabigyan ito ng atensiyon sapagkat natakot sila na magdala ng kaguluhan sa kampus ang balita.

Lubos na naging mahirap para sa may karamdaman ang gabi ng ika-19 ng Nobyembre. Halos imposible para sa kaniya ang paghinga dahil sa sukdulan niyang panghihina at pagkakaroon ng asthma. Ngunit kalmado siya at tanggap na ang kahit na ano.

Sa pagdating ng unang mga sinag ng malamayang bukang-liwayway sa silangan papalapit na ang kamatayan. Ipinatawag ang Father Provincial at nagmamadali itong pumunta sa silid ni Brother. Binigyan niya ng huling pagpapawalang-sala ang mapagkumbabang tagapaglingkod ng Sacred Heart, sinambit ang mga dasal para sa namamatay, at pinakinggan ang hina ng huling hininga ng dalisay na kaluluwa ni Brother nang makipagkita ito sa kaniyang dakilang Kaibigan.

Nangyari ito noong alas siyete y trenta'y singko, Martes nang umaga, ika-20 ng Nobyembre 1923.

Tahimik na nanatiling nakaluhod si Father O'Donnell, ang ulo niya'y nasa kaniyang mga kamay. Nagsasagawa siya ng mga taos-pusong pakiusap para sa kaniyang yumaong kaibigan, at sa mga ito mayroong isang natatangi.

Mayroon siyang isang matandang kaibigan na matagal nang nakaratay sa kama, ganap na bulag at bingi, na matagal nang hindi nabibigyan ng Sakramento. Lubos na ipinagluluksa ito ni Father. Ginawa na niya ang lahat ng kaniyang makakaya upang hikayatin ang matanda na magpunta sa Kumpisalan at Komunyon. Ngayon ay makikiusap siya kay Brother Columba. Hiningi niya ito bilang natatanging pabor upang maging hudyat na si Brother at ang kaniyang trabaho ay kaaya-aya sa Panginoon, at ang kaniyang matagal nang kaibigan ay magbabalik-loob sa pagtatanggap ng mga Sakramento. At walang duda na maraming ibang mga petisyon na isinaalang-alang kay Brother, ngunit ito mismo ay ipinaalam ni Father O'Donnell.

Sa sumunod na Sabado matapos ang kamatayan ni Brother Columba, sinabi ng matandang lalaki sa isa sa kaniyang mga kaibigan: "Hindi ba Sabado ngayon?"

"Oo. Bakit?" ang malakas na tugon ng isa upang marinig niya.

"Gusto kong magpunta sa Kumpisalan ngayon at nais kong dalhin sa akin ang Komunyon bukas."

Nagkaroon na ng sagot si Father O'Donnell. Para sa kaniya wala nang ibang kinakailangan pa.

## IKASAMPUNG KABANATA

Noong Miyerkules, ang mga labi ni Brother Columba, nakagayak sa abito ng mga Brother ng Kongregasyon ng Holy Cross, ay pinaglamayan sa salas ng Community House. Walang

nakapaskil na abiso sa periyodiko ng South Bend, ngunit malayo at malawak na ang ikinalat ng balita, at daan-daan ang dumating upang magdasal at para idampi ang kanilang mga artikulo sa nangulubot na mga kamay upang maiuwi bilang mga relikya.

Dahil napakaliit ng salas at napakarami ng mga tao na hindi sila mahahayaan nang walang bantay, kinakailangang magkaroon ng ilang mga miyembro ng Komunidad na naroon sa lahat ng oras upang mangasiwa ng kaayusan at siguraduhing umuusad ang grupo. Nagpatuloy ang bugso ng mga tao mula umaga hanggang malalim na ang gabi. Kinabukasan naman nang napakaaga ay nagpatuloy muli ang pila. Labinlimang minuto bago ang alas otso kinailangan nang pigilan ang pagpasok ng ibang tao upang maisarado ang kabaong at madala ang mga labi sa University Chapel of Our Lady of the Sacred Heart para sa Misa de Requiem at libing.

Pumila sa magkabilang gilid ng kalye ang mga kaibigan at panauhin habang dala-dala ng karo ng patay ang mga labi patungo sa simbahan. Ang loob ng simbahan ay punong-puno ng mga tao bago pa man dumating ang kabaong doon. Maraming lantaran sa pag-iyak na para bang naging ama o ina si Brother sa kanila.

Ang Misa Mayor ay kinanta ni Father Joseph Gallagher, C.S.C., na noong Superior ng Community House. Bilang patakaran walang sermon na isinasagawa sa libing ng isa sa ating mga Miyembro, ngunit nahikayat ang Provincial na si Father Charles O'Donnell na magsermon. Umakyat siya sa pulpito sa píling ng mabigat na katahimikan. Ang solemnidad ng sandaling iyon ay bakas sa kaniyang mukha. Pagkalipas ng sandaling paghinto, kung saan malayo ang tingin ni Father sa kaniyang mga makikinig, nagsimula siyang magsalita sa kaniyang maringal at malinaw na boses:

*"Kilalanin ninyo Ako, sapagkat Ako ay maamo at mapagkumbaba ng puso."*

"Nakatitiyak ako na kung makapagsasalita ang patay, may masaya itong sasabihin. Lubos siyang matalino at matapat, napakalawak ng kaniyang humanidad, at ang kaniyang pananampalataya ay napakapayak at praktikal—mahirap makita kung papaano babaguhin ng napakalaking pagbabagong tulad ng kamatayan ang lalakeng nakilala natin. Katuwang ng lahat ng kaniyang dunong at mga taon, siya ay simple, mabait na supling, at nakatulog siyang hapong bata sa bisig ng Panginoon. Kung mayroon siyang sasabihin sa atin ukol sa kung ano ang kaniyang mas higit na nalalaman kaysa atin, ito'y magiging masayang salita at katiyakan na ang lahat ay nasa mabuti, na ang ating pananampalataya at pag-asa ay nakamit, at hindi bigo ang ang kawanggawa. Sa kaniyang sariling masigla at pambihirang pamamaraan ay sasabihin niya ito, mula sa tanawing tiyak na malapit sa Sacred Heart.

"Anong nakatutuwang bagay, mga kaibigan, ang lamay na ito! Sa mata ng mundo nagtitipon tayo ukol sa mortal na mga labi ng isang matandang lalaki na nabuhay nang wala sa dakilang saglit, o pambihirang paglilingkod sa kaniyang kapwa. Wala siyang espesyal na estado sa

kapanganakan, o yaman, o edukasyon, sa paningin ng mundo. Wala siyang naisulat, wala siyang inimbento, wala siyang inambag sa kaunlaran ng sangkatauhan. Sapatero siya sa umaga, at minsa'y nars sa gabi. Ngunit ang kaniyang ngalan ay nalalaman ng libo-libo, marami doon na dumaan sa loob ng isang taon upang bisitahin siya; ang notisya ng kaniyang kamatayan ay ipinaalam ng mga publikong limbagan sa buong bansa, at ang relihiyosong pamilya kung saan siya nabibilang ay nagkakaisa sa pagbibigay sa kaniya ng lahat ng pagpupugay na nasa kanilang kakayahan na igawad. Nitong dalawang araw na nakaraan walang-patíd ang paglapit ng mga nananampalataya sa kaniyang kalanda at dinadampi ang kanilang mga rosaryo at medalya sa kaniyang mga kamay, o tumatayo roon sa nakaeengganyong pamamanata, tinutunghayan ang kaniyang payak at payapang mukha.

"Ano ba ang sikreto nitong pagkakatanging ito, ano ba ang puso ng misteryong ito? Ito ba ay sentimiyento natin o paghanga, o mayroon bang naiiba sa kaniya at kaniyang buhay na pumukaw at humihingi nang ganito kataas na pagtatangi? Ang sagot ay hindi na bago, at ang tuntunin ng problema mismo ay pamilyar na sa kasaysayan ng mga anak ng Diyos. Mayroong pagkakatangi na moral at espirituwal. Ito ang pinakamataas sa mga pagkakatangi at nakakamit lamang ng pinakamapagkumbaba, hindi, ito ay nakakamit lamang ng mga kinilala si Kristo bilang payak at aba ang puso. At isa na doon ang ating Brother Columba, at ganoon nga ang kaharian ng langit.

"Ang kaniyang kuwento, na siyang minamaliit ng mundo, ay kuwento ng banal na pag-ibig. Isang batang may balikong mga paa, anak ng mahihirap na mga magulang, mababang antas lamang ang kaniyang naging edukasyon, nagtrabaho siya mula pa pagkabata sa mga minahan ng uling sa Pennsylvania. Ang mga pinto ng oportunidad ay isinara sa kaniya, liban sa isa. Sa simula ng kaniyang karera ay iisa lamang ang susing maiaabot sa kaniya ng kaniyang mga magulang, at ito ang susi sa kaharian ng langit; ito ang pananampalatayang nagdala kay St. Patrick sa Irlanda, at nilinang ni St. Columba, at pinaniwalaan ng libo-libong mga Irlandes noong walang-wala na ang lahat sa kanila. At sa ganoong pamana yumaman ang binatilyong nasa minahan ng uling sa Pennsylvania. Ano man ang kaniyang naging kapansanan sa lipunan o sa pisikal na anyo, nakipagsabayan siya sa pinakamagaling ng kahit anong edad, at ang kaniyang lumpong mga paa ay di kinakailangang matisod sa daan patungong langit.

"Maagang naging malinaw na ito ang landas na kinakailangan niyang tahakin. Mula sa edad na labing-apat, sinabi niya sa kaniyang sarili, mayroon siyang nararamdamang kakaibang panawagan na maglingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng relihiyon. Ngunit hindi hanggang labindalawang mga taon ang makalipas na gagabayan ang kaniyang mga hakbang, sa pamamagitan ng kakatatwa at mapanlinlang na paraan, naniwala siyang ginabayan siya ng Mahal na Birhen, patungo sa Notre Dame at Holy Cross. At sa pananahan niya rito nang halos limampung taon wala siyang pag-aalinlangan na nagpunta siya sa kung saan siya ninanais dalhin ng Panginoon.

Inialay niya ang sarili na magpunta sa mga dayuhang misyon, inialay niya ang kaniyang sarili na magtungo sa Molokai upang tulungan si Father Damien sa mga leproso. Inatasan siya ng mga Superior na magtrabaho sa sapatusan bilang sapatero ng Komunidad. At doon siya nanatili at nagtrabaho sa haba ng panahon at sa probidensiya ng Panginoon ay naging dambana ang tindahan ng sapatos. Natutuhan ng mapagkumbabang sapatero kung papaano hilumin ang mga kaluluwang imortal.

"Ang proseso ng kaniyang pagkatuto ay hindi lubos na mahiwaga. Kilalanin ninyo Ako, sapagkat Ako ay maamo at mapagkumbaba ng puso, ang sabi ng Isa na ang mga salita'y ganap na naging mahalaga sa sapaterong Brother. Si St. Joseph, ang kaniyang espesyal na patron, ay namuhay at namatay na karpintero. Ang anak ng Panginoon mismo ang gumawang banal sa mano-manong trabaho sa pagtratrabaho. Matayog na layunin, maaring kaakibat ng simpleng aksyon ang dakilang intensyon, at masdan! Ang kuwento ay ipahahayag. Sino ang mag-aakala sa lalim ng kaniyang pakikiisa sa Diyos sa mga oras na iyon ng karaniwang trabaho, malayo sa huwad na mga pinahahalagahan ng mundo? Anong mga tuntunin ang kaniyang natutuhan mula sa Divine Master na nagbigay ng parusa at kapangyarihan sa kaniyang sariling halimbawa at kaniyang mga salita noong kalaunang ginawan ng daan patungo sa kaniyang pintuan! Dumating ang araw kung saan ang pagkakakubli ng ganitong tinatagong buhay ay darating sa katapusan, at ang simpleng nagtratrabaho na Brother ay magbibigay ng sariling kinang sa paligid na hindi itinuring na kapita-pitagan ng iba.

"Kung hindi man siya nagsimula sa Notre Dame, matatag at walang-patíd niyang ipinalaganap ang panata sa Sacred Heart, isang debosyon na tatlumpu't tatlong taong nakalipas ay wala sa kabuuang pabor na mayroon ito sa ngayon. Ang kaniyang pagsisikap ay pinalamutian ng kakaibang tagumpay. Nabuhay siya upang makita, tulad ng kaniyang nabanggit ilang araw lamang ang nakaraan sa kaniyang kamatayan, nabuhay siya upang makita ang buong Notre Dame bilang dambana ng Sacred Heart. Ang Mahal na Birhen at ang Sacred Heart ay hindi kailanman naging hiwalay sa kaniyang sariling panata. Gamit ang kaniyang sariling mga kamay ay gumawa siya at namigay ng tatlumpong libong mga tsapa ng Immaculate Heart of Mary. Minsan ang mga dakilang gawa ay napakapayak lamang sa pamamaraan ng kanilang pagsasakatuparan. Bigla na lamang niyang naisip na ang tsapa ng Sacred Heart ay maaaring maging pamamaraan ng mismong debosyon. Interesanteng isipin na ang buhay ni St. Margaret Mary, kung saan unang ipinakita ang ganitong espesyal na debosyon bilang isang apostolado, na mula pa noong simula ay mayroong lubos na pag-alala na magkaroon ng imaheng maaaring ipalaganap, at higit na nakawiwili ring tandaan na ang unang mga kliyente ng Sacred Heart, at Paray-le-Monial, mga dalawang daan at limampung taon na ang nakalipas, ay nagbitbit ng personal nilang maliliit na imahen ng Sacred Heart.

"Hindi ko layunin na pag-usapan nang detalyado ang Apostoladong debosyon ni Brother Columba sa Sacred Heart. Buhay niya iyon. Nitong nakaraang taon sinabi niya, nang may nakakatuwang kasimplehan na nakatulong sa kaniyang manatiling matino at makatao, 'Mamamatay ako sa isa sa mga araw na ito, at siguro'y may ilalagay sila tungkol sa akin sa The Scholastic. Maari mong sabihin sa kanila na mayroong matandang sapatero sa Notre Dame, at nagkaroon siya ng panata sa Sacred Heart, at mukhang nagkaroon ng ilang mga pagpapagaling.' Sa iilang mga salita na iyon ay naisulat niya ang kaniyang sariling talambuhay. *Kilalanin ninyo Ako, sapagkat Ako ay maamo at mapagkumbaba ng puso.* May ilang mag-iisip na ito ay pagkamahiyain, ang iba naman aakalain itong kinaugaliang pagprotekta sa relihiyoso at eklesyastikong awtoridad na hindi kailanman nagkaroon ng opisyal na imbestigasyon ng mga sobrenatural na resulta. Gayun pa man, ang mabuting ginawa niya ay hindi na mababawi, at ang buhay niya'y hindi maikakaila, at hindi mawawala ang kapurihan ng mga naglilingkod sa Diyos, at hindi maisasawalambahala ang mga gawain ng Diyos. Ang isang libong taon sa piling Niya ay iisang araw lamang, at hindi Niya hahayaang mapahamak ang Kaniyang mga banal na alagad.

"Ang katawan ng ating minamahal na Brother Columba ay ihihimlay sa munti nating sementeryo sa Komunidad, isang katawan na pinagod ng trabaho at ng lihim na paghihirap at ng mahahabang mga gabi ng pagbabantay upang alagaan ang mga may sakit. Ang kaniyang kaluluwa, may tiwala tayong kaharap na ng Diyos. At isinasaisip natin habang ihinihiga siya sa karapatdapat niyang pahinga sa piling ng mga kapwa simpleng relihiyosong masisipag na tulad ng kaniyang sarili ay naghangad lamang para sa huli at pinakamababang estado. Makakapiling niya si Brother Alfred, ang tagalatag ng ladrilyo, na itinayo ang mga pader nitong simbahang ito, at nina Brother Neil at Brother Augustus na nagmula sa bangko ng mga sastre patungong Paraiso, at ni Brother Charles ang mabuting karpintero na bumuo ng sarili niyang pamamahay sa langit, at ni Brother Augustine, ang magaling na panadero, na sa kaniyang pagkamatay ay sinulatan ng kapita-pitagang si Father Sorin ng isa sa kaniyang mga pinakanakagigiliw at magandang mga sulat ng pagpapahayag. Espiritwal at materyal silang naging mga haligi ng ating buhay sa Komunidad. Sila ang tunay na mga medyibal sa modernong panahon na nawalan na ng kamalayan ng walang-hanggan, ang kaluluwa ng panahon ng pananampalataya. Hindi natin mapipigilang ipagluksa ang kanilang pagpanaw at ipagdasal na iangat ng Diyos ang iba sa kanilang pagkawala. Ang papuri at pagpapahalaga sa kanila ay hindi paglalarawan sa mga pari at Brother na tungkulin ang magturo at maggabay at magtalaga ng trabaho sa iba. Samakatuwid, ang huling mga nabanggit ay uri ng trabaho na mayroong buong pagkilala ng mga tao. Ngunit ang tahimik na relihiyosong nasa kaniyang bangkông nagtratrabaho, masaya man siya sa kapayapaang tinatamasa sa kaniyang nakakubling búhay, ay bihirang nakahahanap, dahil bihira rin siyang naghahanap, ng mga pabuyang hindi alinsunod sa lubos na mga pagpapala.

"At ito ang pabuyang hinihiling natin para sa ating mga minamahal na yumao nitong umagang ito. Ang ating mga salita ay tinatangay papalayo ng hangin. Ang lahat ay kahambugan

maliban sa pagmamahal sa Diyos at paninilbihan sa Kaniya lamang. Ang opinyon ng mga tao ay pabago-bago sa uso, hindi matagal na nabubuhay ang katanyagan, kahit ang reputasyon ng kabanalan ay magdidilim at tatangayin patungong kawalan. Ang Diyos lamang ang nananatili, at ang walang-kamatayang kaluluwa ng sangkatauhan. Sa piling ng mabubuti at banal na relihiyoso sasambitin ang mga dasal na iniaalay sa mga yumaong Kristiyano, maging santo man sila o makasalanan. Ang iba ay nasa piling ng Diyos. Mayroon lamang iisang kinabukasan para sa ating lahat, hindi kinabukasan ng oras, dahil walang kuwenta iyon; ngunit ang kinabukasan ng walang-hanggan. Tayo ay nagmamadali patungo roon. Nawa'y pagbigyan tayo ng Diyos na matuto mula sa mapagkumbaba at dakilang buhay na ito upang ibigay ang nararapat na halaga sa lahat ng mga bagay na pinahahalagahan natin hanggang sa hangganan ng mga bagay na isinasaalang-alang natin. Nakarating na ba sila sa kanilang katapusan o mas dakilang panimula pa lamang ito dahil sa kamatayan ni Brother Columba? Hindi natin alam. Ang alam lang natin ay ibinibilin natin siyang ligtas sa piling ng Sacred Heart. Nawa'y payapa siyang mamahinga, at Papuri sa Diyos sa Kaniyang mga Santo."

Halos walang mga mata na nanatiling tuyo sa mga luha sa loob ng masikip na simbahan, ngunit marami ang umiiyak nang dahil sa kaligayahan ngayong mas naintindihan na nila ang kabuluhan at halaga ng buhay at tungkulin ni Brother Columba.

Noong matapos ang Misa nakapulupot na ang mahabang prusisyon ng lamay sa kalawakan ng kampus, ginawang banal sa pagpanaw ng isa sa maraming mga maaasahan at minamahal na anak ng Notre Dame at ng Holy Cross, pababa at palibot sa lawa, lampas sa Community House kung saan nananahan ang mga lalaking tulad ni Brother Columba sa kanilang kamatayan, at paakyat sa munting burol patungo sa minamahal na ektarya ng Panginoon.

Nagkaroon ng eksepsiyon sa kinaugalian ng Komunidad. Binuksang muli ang kabaong upang ang dami ng mga taong hindi pa nakita ang kanilang minamahal na kaibigan ay magkaroon ng pagkakataon, at maaari nilang idampi ang kanilang mga rosaryo at medalya sa kaniyang pagód mga kamay.

Nang matapos sa pamamanata ang bawat isa, at nagkaroon ng sariling relikya na pahahalagahan, isinara muli ang kabaong at ibinaba ito sa hukay habang nangingibabaw ang mga dasal ng kaniyang mga kaibigan. Mula sa kaniyang kinalalagyan sa itaas, malapit sa mga Pusong lubos niyang minahal, nakangiti pa rin siya sa ating lahat. Nawa'y tularan natin ang kaniyang halimbawa. Nawa'y mas maging malapit pa tayo sa pamamagitan nina Jose at Maria sa walang-hangganang nagmamahal na Puso ni Hesus.

WAKAS